

Ang Mga Epistula ni Juan:
Isang Maikling Komentaryo
ZANE C. HODGES

**Ang Epistula ni Juan: Isang Maikling Komentaryo** ay salin sa wikang Filipino ng kaukulang bahagi mula sa *The Grace New Testament Commentary*.

**Karapatang-ari © 2010, 2025 Grace Evangelical Society**

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang bahagi ng akdang ito ang maaaring kopyahin sa anumang anyo nang walang paunang pahintulot ng tagapaglathala, maliban kung pinahihintulutan ng batas sa karapatang-ari ng U.S.

Maliban kung may ibang nabanggit, lahat ng sipi mula sa Biblia ay mula sa Bersyong Ang Biblia © 2001 Philippine Bible Society, ginamit nang may pahintulot.

**Disenyo: Shawn Lazar**

**Hodges, Zane C., 1932–2008**

**Tagasalin: Dante B. Nieto**
**Karapatang-ari © 2010, 2025 Grace Evangelical Society**

Para sa mga kahilingan ng impormasyon, makipag-ugnayan sa:

**Grace Evangelical Society**
P.O. Box 1308
Denton, TX 76202

www.faithalone.org

ges@faithalone.org

Nakaimprenta sa U.S.A.

# I Juan

ZANE C. HODGES

PANIMULA

ANG SINAUNANG TRADISYON AY IBINIBIGAY ANG MGA EPISTULANG ITO kay Juan na anak ni Zebedeo, isa sa labindalawang mga apostol. Bagamat maraming nais iwasan ang implikasyong isang saksi ang sumulat ng 1:1-4, ang mga pagpapagal na ito ay mali. Ang pahayag ng 4:6 ("Tayo nga'y sa Dios: ang nakakakilala sa Dios ay dumirinig sa atin; ang hindi sa Dios ay hindi dumirinig sa atin. Dito'y ating nakikilala ang espiritu ng katotohanan, at ang espiritu ng kamalian.") ay magiging pagmamalaki, at iyan ang simpleng masasabi rito, kung ito ay hindi isinulat ng isang apostol.

Sa 2 at 3 Juan ipinakilala ng may-akda ang kaniyang sarili bilang "Ang Matanda." Marahil ang titulo ay simpleng paraan ng may-akda na mapagkumbabang sabihing "ang nakatatanda" o "isang matandang lalaki." Sa kabilang banda, "ang nakatatanda" (o, "matanda") ay isa nang kilalang designasyon para sa mga apostol. Kung ganuon, ang termino sa 2 at 3 Juan ay maaaring isang pag-aangkin sa apostolikong awtoridad.

Ang mga pagpapagal ng mga kritikal na iskolar na makasumpong ng hindi apostol na may-akda para sa Ikaapat na Evangelio at ng mga epistulang ito ay hindi nakapagtataka, dahil sa kilalang pagtatanggi ng mga ito laban sa apostolikong saksi. Ngunit ang pagsubok na ibahin ang kaakdaan ng Evangelio mula sa mga Epistula at minsan maging ng 1 Juan sa 2 at 3 Juan, ay isang kahangahangang pagpapakita ng limitadong pananaw. Mahirap makasumpong ng apat na aklat sa literaturang Griyego na nagpapakita ng estilong malamang na galing sa iisang isipan kaysa estilo ng Evangelio at ng mga Epistula. Kahit ang mga mambabasang Ingles ay makikita ito.

Ang halos nagkakaisang opinyon ng mga sinaunang ang apostol Juan ang sumulat ng mga epistulang ito ay may angking sariling bigat. Ang awtorship ni Juan ay suportadong husto at hindi masasaway.

Walang malinaw na panloob na indikasyon ng petsa kung kailan sinulat ang mga Epistulang Johannine. Ang laman ng mga Epistula ay tila nagpapahiwatig ng kaalaman ng nasusulat sa Evangelio ni Juan.

Ang petsa ng Evangelio ay malamang na bago ang AD 70 dahil hindi nabanggit ang pagkawasak ng templo sa Evangelio. Ang pahayag sa Juan 5:2 na "sa Jerusalem nga'y may isang tangke sa tabi ng pintuan ng mga tupa" ay nagpapakitang ang Jerusalem ay nakatindig pa nang ang Evangelio ay sinulat. Ayon kay Eusebius at Irenaeus, sinulat ni Juan ang kaniyang Evangelio mula sa Efeso. Maraming naniniwalang nagsimula siyang magministerio dito nang mga huling 40s o maagang 50s. Ang pinakamalamang na petsa sa komposisyun ng Evangelio ni Juan sa Efeso (gaya ng sabi ni Irenaeus) ay sa pagitan ng AD 48 at AD 52. Walang nakababatid kung ilang panahon ang nasa pagitan ng komposisyun ng Ikaapat na Evangelio at ng pagkasulat ng mga Epistula, na nagpapahiwatig ng kaalaman ng turong masusumpungan sa Evangelio ngunit maaaring ilang taon ang namagitan.

Ang Aklat ng Pahayag ang huling aklat na sinulat ni Juan. Bagamat maraming nanghahawak sa huling petsa para sa Pahayag, may mabuting dahilang ipagpalagay na ito ay nasulat din bago ang pagkawasak ng templo sa AD 70 (tingnan ang Panimula sa Pahayag).

Samakatuwid, ang mga Epistula ay maaaring petsahin sa pagitan ng 48 at 70, ngunit sa liwanag ng paghalo ng huwad na aral sa simbahan at sa reperensiya ni Juan sa "dating utos na nasa inyo buhat nang pasimula; ang dating utos ay ang salita na inyong narinig" (1 Juan 2:7, 24; 3:11; 2 Juan 6), ang petsa ng 64-65 ay mas mainam.

Nang sinulat ni Juan ang 1 Juan, maaaring siya ay nakabalik sa Jerusalem kasama ng ilan sa ibang apostol (cf tingnan ang komento sa 2:19). Kilala nang husto ni Juan ang isa sa mga simbahang sinulatan (tingnan ang mga komento sa 2 Juan). Ang kaniyang mala-amang pagmamalasakit sa kanila, na markado ng paulit-ulit na terminong, "mga munting anak," ay nagmumungkahing may nararamdaman siyang responsabilidad na pastoral para sa mga mananampalatayang ito.

Sa 1 Juan, sumulat ang apostol nang kaniyang pag-aalalang ang ilang huwad na guro ay pinakikinggan sa simbahan o mga simbahang kaniyang sinusulatan. Dahil tinatanggi nilang si Jesus ay ang Cristong dumating sa laman (1 Juan 2:22; 4:3), ang kanilang doktrina ay atake sa puso ng karanasang Cristiano. Ang mga mambabasa, na sila mismo ay mga Cristiano (2:12-14, 21; 5:13), ay walang panganib na maiwala ang buhay na walang hanggan- ito ay hindi maiwawala- ngunit sila ay nanganganib na mawala ang kanilang pakikisama sa Diyos.

Ang layon ng 1 Juan ay *pakikisama* (1:3), ngunit si Juan ay sumulat din upang palakasin at patibayin ang pakikisamang ito sa Diyos sa harap ng mga maling teolohikal. Ang mga kamaliang ito ay tila nakasentro sa pagtangging si Jesus ay ang Cristong dumating sa laman. Ang mga pahayag sa 1 Juan 5:6-8 ay nagmumungkahi ng kamaliang nagsasabing ang lalaking Jesus at ang dibinong Cristo ay dalawang magkahiwalay na nilalang, at ang Cristo ay bumaba kay Jesus sa Kaniyang bautismo ngunit iniwan Siya bago ang

Kaniyang kamatayan. Samakatuwid, ang dibinong Cristo ay masasabing dumating “sa pamamagitan ng tubig” ngunit hindi “sa dugo” (tingnan ang talakayan sa 5:6).

Kung ito ang sitwasyon, ito ay nagpapahiwatig na ang ilang aspeto ng pisikal na karanasan ay hindi nararapat o walang saysay para sa isang dibinong nilalang. Marahil bahagi dito ang konseptong anumang tunay na pisikal na kontak ng ganitong nilalang ay imposible at ang mga tao ay nakokontak lamang ang taong Jesus. Kung ginawa ang ganitong pag-aangkin, ito ay tinakwil sa 1:2, kung saan ang mga apostol ay sinasabing may pisikal na kontak sa “ang *buhay na walang hanggan*, na kasama ng Ama at sa atin ay nahayag” (may dagdag na hilis).

Ang mga huwad na guro ay maaaring nag-aapirmang ang espirituwal na tao ay hindi maaaring makagawa ng kasalanan kapag siya ay nasa gitna ng imoralidad, dahil siya ay sa pundamental na kalagayan nakatataas o hiwalay sa lahat ng pisikal na karanasan. Ang pagmamalasakit ni Juang ang mga kautusan ng Panginoon ay dapat sundin ay angkop sa anumang aral na kagaya nito (2:3, 4, 7; 3:23; 4:21; 5:2-3).

Napakahalaga ay ang huling utos ng epistula: “Mga anak ko, mangagingat kayo sa mga diosdiosan” (5:21). Gaya nang pinakikita ng mga sulat sa pitong simbahan sa Pahayag, ang problema ng kompromiso ng mga Cristiano sa mga pagano at idolatriyang gawa ay buhay na buhay sa mga simbahang ito (Pah 2:14, 20). Ang sitwasyong kultural ay ginagawang kahali-halina ang ganitong kompromiso. Halimbawa, ang mga artisano ay maaaring bahagi ng isang partikular na kapisanan na ang padron ay isang espisipikong paganong diyos. Ang mga pagtitipong kapisanan ay maaaring ganapin sa templo ng idolo at ang mga ganitong pista ay nagbibigay ng oportunidad sa imoralidad kapiling ng mga patutot ng templo. Ang Cristianong tumangging makilahok sa ganitong mga pagtitipon ay maaaring matakot na palayasin sa kaniyang kapisanan at mawalan ng kaniyang pagkukunan ng kabuhayan.

Taglay din ng 1 Juan ang ilang pahiwatig na kinakalaban ng apostol ang pananaw tungkol sa Diyos na nagpapahintulot pareho sa *liwanag at dilim* bilang bahagi ng dibinong kalikasan. Halimbawa, sinulat ni Juan, “na ang Dios ay ilaw, at sa kaniya'y walang anomang kadiliman” (1:5), ang Griyegong pahayag ay empatiko , gaya ng tamang mungkahi ng mga salitang Ingles na “at all” (katumbas ng “anuman”). Muli, sa 2:29 kung saan sinulat ni Juan, “Kung nalalaman ninyong siya'y matuwid,” ginamit niya ang Griyegong kundisyunal na nagpapakitang ang kaalamang ito ay hindi maaaring balewalain.

Maaaring tinuturo ng mga huwad na gurong ang mabuti at masama, ang liwanag at dilim, sa katapus-tapusan, ay nagmula sa Diyos mismo. Katunayan, tila ang ideyang ito ang nasa likuran ng talakayan ng kawalang kasalanan ng kalikasan ng taong ipinanganak nang muli, na masusumpungan sa 3:6-9.

Binigyang diin din ni Juan ang ideya ng "orihinal na katotohanan," at paulit-ulit na ginamit ang pariralang "sa pasimula" patungkol sa mga tinuro at sinampalatayahan ng mga Cristiano (tingnan ang 1:1; 2:7, 24; 3:11). Hindi tinakwil ng mga huwad na guro ang kabuuan ng Cristianismo, binigyan nila ng bagong interpretasyon ang kasaysayan at doktrinang Cristiano. Sa ganitong kadahilanan ang mga huwad na gurong ito ay maituturing na "mga Revisionista," mga may dala ng *bagong bersiyon* ng Cristianismo.

Hindi sila tinawag na Gnostiko dahil walang bakas ng kalaunang mitolohiyang Gnostiko sa 1 Juan (ang posibleng eksepsiyon ay ang reperensiya kay Cain sa 3:12). Maaaring isiping ang mga huwad na guro ay matatawag na proto-Gnostiko, ngunit tila mas akma ang terminong "Revisionista." Ganuon pa man, maaaring sinasalamin nila ang ilang mga konseptong kalaunan ay naging pormatibo sa kalaunang kaisipang Gnostiko.

Malinaw na ang mga huwad na guro ay minsang dating konektado sa sirkulo ng mga apostol. Ito ang pinakanatural na basa ng 2:19 kung saan nagsimula ang pagkasunod-sunod ng mga salitang "sila-atin-kayo" (tingnan ang komento sa 2:20). Natural, ang mga huwad na guro, na nais na dinggin ang kanilang mga doktrina sa mga simbahan sa gitna ng mga Gentil, ay nag-aangkin ng koneksiyon sa inang simbahan sa Jerusalem. Tunay, ang mga legalistang dumating sa Antioquia mula sa Judea (Gawa 15:1), ay malinaw na gumawa ng ganitong pag-aangkin, na napilitang itanggi ng mga apostol at matatanda sa Jerusalem (v24). Mula sa 1 Juan 2:19, mahihinuha ang kaparehong pag-aangkin ng mga revisionista, at ito ay itinanggi ni Juan.

## BALANGKAS NG 1 JUAN

I. Prologo: Isang Panawagan sa Pakikisama (1:1-4)
II. Paunang Salita: Pamumuhay na May Pakikisama sa Diyos (1:5-2:11)
III. Layon: Labanan ang mga Anticristo (2:12-27)
IV. Katawan: Ang Buhay na Nagreresulta sa Katapangan sa Harap ng Hukuman ni Cristo (2:28-4:19)
V. Konklusiyon: Matutong Mamuhay Nang Masunurin (4:20-5:17)
VI. Epilogo: Mga Katiyakang Cristiano (5:18-21)

## KOMENTARYO

### I. Prologo: Isang Panawagan sa Pakikisama (1:1-4)

Ang 1 Juan ay nagsimula sa pahayag ng isang saksi sa karanasan ng may-akda at ng kaniyang kasamang mga apostol kay Jesucristo. Nanawagan si Juan sa kanilang nakita at narinig bilang mga saksi upang sawayin ang isang grupo ng mga nagpapakilalang mga gurong maaaring tawaging Revisionista. Ang kanilang mensahe ay hindi ayon sa mga

katotohanang orihinal na ibinigay sa mga apostol. Kung ang mga mambabasa ay tatanggap ng alin man sa mga doktrinang itinuturo ng mga huwad na gurong ito, wawasakin nito ang kanilang pakikisama sa sirkulo ng mga apostol at sa Diyos (v3).

1:1. Ang impersonal na anyo ng **yaong buhat sa pasimula** ay sinasadya. Hindi niya tema ang *persona* ni Cristo rito, kundi "ang buhay na walang hanggan, na kasama ng Ama at sa atin ay nahayag" (v2). Bagamat si Jesus ang "ang tunay na Dios, at ang buhay na walang hanggan" (5:20), nais ng apostol na bigyang diin ang mga realidad ng buhay na walang hanggan mismo. Ito ang buhay na may bahagi ang mga mambabasa (tingnan ang mga komento sa 5:13).

Si Juan at ang mga kasama niyang apostol, (pansin ang salitang **aming**) ay **narinig, yaong nakita ng aming mga mata, yaong aming namasdan, at nahipo ng aming mga kamay** ang buhay na ito.

Sa apat na pandiwa sa v1 ("narinig… nakita… namasdan… nahipo), ang unang dalawa, na inulit sa v3, ay nasa aspetong perpekto sa Griyego, samantalang ang huling dalawa, na hindi inulit sa v3 ay nasa aspetong aorist. Ang mga pandiwang nasa aspetong perpekto ay nagpapahiwatig ng nagpapatuloy na karanasang bahagi ng mga apostol, samantalang ang dalawang pandiwang aorist ay hindi.

Ang kanilang mensahe ay **tungkol sa Salita ng buhay**, o "tungkol sa *mensahe patungkol* sa buhay." Ngunit dahil si Jesucristo ang buhay na iyan (5:20), maaaring sabihin ng isang ito ay nangangahulugang "mensahe patungkol sa *Buhay*." Sumusulat si Juan patungkol sa nasaksihan niya at ng ibang mga apostol kay Jesucristo, na *siyang* buhay (5:11-12).

1:2. **Nakita** ng mga apostol ang **nahayag** na buhay na ito, kanilang **pinatotohanan** ito at kanilang **ibinabalita** sa mambabasa. Ang paghahayag sa buhay na ito ay ginawa lamang sa mga apostol mismo (**sa atin**), kaya sila ay sangkap upang ibahagi ang kaalaman tungkol sa *nahayag* na buhay na ito.

1:3. Ang **nakita at narinig** ng mga apostol ay hindi ganap na maibabahagi sa buhay na ito. Kailangang maghintay ng mga mananampalataya hanggang sa sila mismo ay nasa presensiya ng Panginoon upang kanilang "mamasdan" at "mahawakan" Siya.

Hinayag na ngayon ni Juan ang layon ng epistula, samakatuwid ay pakikisama (*koinōnia,* binahagi at pinagsaluhang mga karanasan, gawa, pag-aari, atbp).

Ngunit ito ay hindi ordinaryong pakikisama. Ito ay pakikisama sa apostolikong saksi. Bilang karagdagan, iniimbitahan ni Juan ang mga mambabasang makibahagi sa pakikisama mismo ng mga apostol… **sa Ama at sa Kaniyang Anak na si Jesucristo**. Kung ang isa ay may

pakikisama sa sirkulo ni Juan, ang taong ito ay may pakikisama rin sa Diyos at kay Jesucristo.

1:4. Si Juan at ang mga apostol ay nagagalak kung ang kanilang dinala kay Cristo , o kanilang pinalago sa pananampalataya, ay tapat sa pananampalataya. Kung ang kasalukuyang sulat ay magtagumpay na himukin ang mga mananampalatayang “manahan sa inyo [sa kanila] ang inyong [kanilang] narinig buhat nang pasimula” (2:24), ang kagalakan ng mga mambabasa ay malulubos.

Ang tunay na kagalakan ay natatamo sa pamamagitan ng pagkakilala kay Cristo at sa Diyos Ama sa pamamagitan ng mga apostol. Ang mga simbahan ngayon ay kailangang igalang ang kahalagahan ng pagtanggap ng dibinong katotohanan, pagtakwil sa kamaliang doktrinal.

## II. Paunang Salita: Pamumuhay na May Pakikisama sa Diyos (1:5-2:11)

Dahil sa ang mga Revisionista ay panganib sa nagpapatuloy na pakikisama ng mga mambabasa sa Diyos, mahalagang ihayag ang mga pundamental na prinsipyo para sa pakikisamang ito.

### *A. Pananatili sa Daan: Paglalakad sa Liwanag ng Diyos (1:5-2:2)*

1:5. Ang simple ngunit malalim na pahayag na **ang Dios ay ilaw** ay mahalaga sa lahat ng pakikisama sa pagitan ng Diyos at ng Kaniyang mga nilikha. Dahil sa malaya sa lahat na uri ng depektong moral, ang Kaniyang liwanag ay hind nadudungisan ng anumang antas ng moral na impuridad, at **sa Kaniya’y walang anomang kadiliman**.

Ang panghuling pahayag ay napakaempatiko sa Griyego (“ang kadiliman ay wala sa Kaniya- wala”) na marahil ang mga Revisionista ay nag-aangking *may* kadiliman sa Diyos. Sa relihiyosong kapaligiran ng unang siglo, ang mga paganong konsepto ay maaaring nakaimpluwensiya sa ilang lumikha ng mga antibiblikong kapahayagan patungkol sa Diyos. Marahil iniisip ng mga erehe na Siya ay may kalikasang mayroong parehong *kaliwanagan* at *kadiliman*. Kung mayroon ngang ganitong pananaw ng Diyos ang mga Revisionista, maaari nilang sabihing imbalido ang mga moral na distinksiyon. Mahalagang ang mga mambabasa ay walang kalituhang pag-unawa sa puntong ito. Ang Diyos ay *ganap* na banal.

1:6. Kabilang sa salitang **natin** ang mga apostol *at* ang kanilang Cristianong mambabasa. Ang mananampalatayang lumalakad sa kasalanan ay walang kontak sa banal na Diyos. Kung siya ay nag-aangking may **pakikisama** sa Diyos, siya ay nagsisinungaling. Ang mga nagkakasalang mananampalataya ay walang pakikisama sa Kaniya.

Ang pariralang **nagsisigawa ng katotohanan** ay nangangahulugang "kumikilos nang ayon sa katotohanan." Ang mag-angking may *pakikisama* sa Diyos habang naglalakad *sa kadiliman* ay ang kumilos ng salungat sa katotohanan ng kabanalan ng Diyos.

1:7. Sa halip na lumakad sa kadiliman, ang mga mananampalataya ay dapat **nagsisilakad sa liwanag**, samakatuwid, ay namumuhay sa presensiya ng Diyos, lantad sa kung ano ang Kaniyang hinayag patungkol sa Kaniyang sarili, at ang "nagsisilakad sa kadiliman" (v6) ay pagtatago mula sa Diyos at pagtangging kilalanin kung ano ang hayag patungkol sa Kaniya. Ang mananampalatayang nais na magkaroon ng pakikisama sa Panginoon ay kailangang mapanatiling bukas ang kanyang sarili sa Kaniya at may kahandaang maging tapat sa Kaniyang presensiya patungkol sa lahat ng bagay na pinakita ng Diyos sa kaniya.

Ang resulta ng *paglakad sa liwanag* ay ang mga mananampalataya ay **may pakikisama… sa isa't isa**. Samakatuwid, sila ay may pakikisama sa Diyos at Siya ay may pakikisama sa kanila. Bagama't ang mga Cristiano ay nananatiling makasalanang tao, samantalang *tayo ay lumalakad sa liwanag* **nililinis tayo ng dugo ni Jesus na Kaniyang Anak sa lahat ng kasalanan** upang mapanatili nila ang pakikisama.

Totoo, lahat ng Cristiano ay nalinis *na* (cf 1 Cor 6:11) at mayroong lubos na kapatawaran kay Cristo (cf Ef 1:7). Ganuon din, mayroong nagpapatuloy na paglilinis base sa **dugo** ni Cristo na siyang nagbibigay kapangyarihan sa mga imperpektong anak na magkaroon ng tunay na karanasan ng pakikibahagi sa perpektong banal na Ama sa langit.

1:8. Kailan man, walang sinuman ang tapat na makapag-aangking **walang kasalanan**. Ang sinumang gumawa ng ganitong pag-aangkin ay nilinlang ang sarili.

Ang mga salitang **ang katotohanan ay wala sa atin** ay hindi nangangahulugang ang taong pinag-uusapan ay hindi ligtas. Ang apostol ay patuloy na gumagamit ng pang-unang personang mga panghalip, **tayo** at **atin**, gaya ng kaniyang ginawa mula v5 at patuloy. Kung *ang katotohanan* ay may tamang epekto sa mga mananampalataya, hindi sila mahuhulog sa patibong na ito. kung sila ay mahulog dito, *ang katotohanan ay wala sa atin* bilang isang aktibo at nagkokontrol na pwersang humuhugis sa kanilang pag-iisip at saloobin.

1:9. Hangga't ang mga mananampalataya ay lumalakad sa liwanag na iyan, sila ay nasa posisyun upang *ipakita sa kanila* ang kanilang pagkakamali. Kapag nangyari ito, dapat nilang **ipinahahayag** ang mga ito. Ang salitang *pagsisisi* ay hindi rito ginamit o sa anumang bahagi ng epistulang ito. Ang Cristianong pagsisisi ay akma kapag ang padron ng kasalanan ay nagpapatuloy at kailangang baguhin (tingnan ang Pah 2:5, 16, 21, 22; 3:3,

19). Sa 1 Juan 1:9, ang binabanggit ni Juan ay ang mga *nakadiskubre* ng kanilang kasalanan habang may pakikisama sa Diyos, hindi ang mga tumalikod. Ang tagapakinig ni Juan ay espirituwal na matibay at walang dapat pagsisihan (tingnan ang 2:12-14, 21). Ang kanilang trabaho ay "manahan" kay Cristo at sa Kaniyang katotohanan (tingnan ang 2:23, 28).

Ang pagpahayag o pagkumpisal ng kasalanan ay nagbibigay kapangyarihan sa mga mananampalatayang manatili sa pakikisama. Ang 1 Juan 1:9 ay hindi para sa mga hindi ligtas. Wala saan man sa literaturang Johannine binigay ang 1 Juan 1:9 bilang kundisyon sa pagtamo ng buhay na walang hanggan. Ang pananampalataya ang tanging kundisyon para sa kaligtasan (cf Juan 3:16; 5:24; 6:47; 1 Juan 5:1, 12, 13).

Kapag tinakwil ng mga mananampalataya ang pinapakita sa kanila ng liwanag, hindi na sila tapat at bukas sa harap ng Diyos at ang pakikisama ay magtatapos. Ngunit **kung ipinahahayag** (*homologeō*, "sang-ayon, pag-amin, pagkilala") natin **ang ating mga kasalanan** na hinayag ng liwanag, makakaasa sila sa Diyos, **tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa *ating* mga kasalanan**. Ang pakikisama ay nagpapatuloy. Ang salitang **banal** *(dikaois)* ay nangangahulugang "matuwid." Dahil sa nabubong dugo ni Cristo (v7), walang kompromiso sa katuwiran ng Diyos kapag Siya ay nagpapatawad.

Nilagay ng NKJV ang *ating* nang pahilis dahil wala sa Griyegong istriktong katumbas nito. Maaari itong isaling "patatawarin *ang mga* kasalanan," na ang implikasyon ay "ang mga kasalanang ating *ipinahayag*." Ngunit paano ang mga kasalanang *hindi batid* ng mga mananampalataya? Ang mga ito ay sakop ng **at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan**. Samakatuwid, sa tuwing tayo ay nagkukumpisal- tapat na inaamin ang mga kasalanang alam niyang mali- anumang iba pang kasalanan mayroon sa kaniyang buhay ay ganap na nilinis. Walang iniwang hindi linis.

1:10. Kapag ang kasalanan ay nahayag, ang mga mananampalataya ay malayang ikumpisal ito o angkining **tayo'y hindi nangagkasala**. Kung pipiliin nila ang huli, **ating ginagawang sinungaling Siya** sa pagtakwil ng patotoo ng **Kaniyang Salita** at sa ganitong paraan pag-akusa sa Diyos ng kawalang katotohanan.

Hindi tamang ituring ang mga salitang *tayo'y hindi nangagkasala* bilang isang kategorikal na pagtangging hindi *kailan man* nagkasala. Kahit pa ang isang tao ay may pakikisama sa Diyos, hindi siya malaya sa pangangailangan ng paglilinis (v7). Kung itatanggi niya ang katotohanang ito, nilinlang niya ang kaniyang sarili (v8). Kung ikukumpisal niya ang anumang kasalanang pinapakita ng liwanag, siya ay pinatawad (v9). Ngunit kung itakwil niya ang pinapakita ng liwanag, ginagawa niyang sinungaling ang Diyos, na nagpapakitang wala siyang pakikisama sa Diyos (v6), na Liwanag (v5).

2:1. Ang apostol ay naglatag ng isang babala o pagpahayag ng pagtanggi. Ang kaniyang mga salita ay maaaring maling unawain bilang pagpapahina sa paglaban ng mananampalataya sa kasalanan. Ngunit hindi ito ang kaniyang intensiyon. May pagmamahal niyang tinawag silang **mumunti kong mga anak**. Na ang kaniyang mga mambabasa ay mga tunay na Cristiano ay hindi kailan man kinwestiyon saan man sa sulat (cf 2:12-14). Hindi niya nais na ang kaniyang mga espirituwal na *anak* ay magkaroon ng maling pag-unawa sa kaniyang intensiyon sa pagsulat ng **mga bagay na ito**. Ang *mga bagay na ito* (i. e., 1:5-10) ay hindi sinulat upang magbigay pahintulot o ipagbawal ang kasalanan. Sa halip sinulat ang mga ito **upang kayo'y huwag mangagkasala**.

Bagamat ang kasalanan ay dapat na mariing layuan, ito ay maaaring mangyari at nangyayari sa mga buhay ng mga mananampalataya. Kaya dinagdag ni Juan, **At kung ang sinoman ay magkasala, ay may Tagapamagitan tayo sa Ama, si Jesucristo ang matuwid**. Bilang kanilang Tagapamagitan, si Jesus ang namamagitan para sa mga mananampalataya sa pananalangin sa Amang "huwag magkulang ang pananampalataya" (cf. Lukas 22:31-33). Bagamat "ang mga kaloob at ang pagtawag ng Dios *ay* hindi nagbabago" (Rom 11:29), ang pananampalatayang gumagamit ng mga kaloob na ito ay maaaring mabigo (2 Tim 2:18). Si Cristo ay namamagitan para sa mga mananampalataya upang huwag itong mangyari.

2:2. Si Jesus din **ang pangpalubag-loob sa ating mga kasalanan**. Maaari Siyang mamagitan para sa mga mananampalataya sa harap ng Diyos dahil Siya ang personal na pampalubag-loob sa harap ng Diyos *para sa ating mga kasalanan*. Anuman ang ating kasalanan, si Cristo ang satispaksiyon nito. Sa katotohanan, bilang *pampalubag-loob* sa kasalanan, *ang pampalubag-loob* na ito ay tumatakip sa mga kasalanan ng sankatauhan, (**sa buong sanglibutan**).

Ang argumentong kung binayaran ni Jesus ang lahat ng kasalanan ng sangkatauhan ang lahat ay ligtas ay isang miskonsepsiyon. Ang pag-alis ng kasalanan bilang hadlang sa nagliligtas na biyaya ng Diyos ay hindi awtomatikong nagdadala ng kapanganakang muli at buhay na walang hanggan. Ang makasalanan ay nananatiling patay at "hiwalay sa buhay ng Diyos" (Ef 4:18). Sa huling paghuhukom ng mga napahamak (Pah 20:11-15), ang kasalanan *bilang kasalanan* ay hindi kinukunsidera. Sa halip, ang mga tao ay "hinatulan ayon sa kanilang mga gawa" (Pah 20:12) upang ipakita sa bawat isa na ang kanilang mga "gawa" ay hindi nagbibigay sa kanila ng kaangkinan sa kaligtasan ng Diyos.

### *B. Pag-abot sa Layon: ang Makilala ang Diyos ng Liwanag (2:3-11)*

2:3. Anumang pag-aangking naabot ng sinuman ang personal na pagkakilala sa Diyos ay masusubok kung kaniyang tinutupad ang **Kaniyang mga utos**. Ang salitang **Kaniya** ay maaaring tumutukoy sa Diyos o kay Cristo, o sinadyang hindi malinaw dahil para kay Juan sila ay Iisa.

Ang sitas na ito ay madalas kunin bilang paraan upang malaman kung ang isang tao ay tunay na *ligtas*. Ang paliwanag na madalas ibigay ay bagama't ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya, hindi malalaman ng tao kung tunay ang kaniyang pananampalataya malibang tinutupad niya ang *Kaniyang mga utos*. Ngunit ang pananaw na ito ay sumasalungat sa teolohiyang Johannine sa ilang mga bagay.

Una, ang tao ay naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo para sa buhay na walang hanggan (Juan 3:16; 5:24; 6:35; atbp). Ikalawa, ang ideyang ang isang Cristiano ay maaaring manampalataya kay Cristo, na hindi niya alam kung *talagang* nanampalataya siya, ay isang kahangalan. Nang tanungin ni Jesus si Martha kung siya ay nanampalataya, wala sa kanilang may mentalidad na "maghintay at magmasid." Ang tugon ni Martha, na tinanggap ni Jesus, ay isang matibay na apirmasyon sa kaniyang pananampalataya (v27). Dahil sa ang pananampalataya ay ang kumbiksiyong ang isang bagay ay totoo, kapag tayo ay nanampalataya, alam nating tayo ay nanampalataya.

Ang 1 Juan 2:3 ay hindi nagbabanggit ng *nagliligtas* na pagkakilala kay Cristo, kundi ng pagkakilala ng *pakikisama*. Bagamat totoong kilala ng lahat ng mananampalataya ang Diyos at si Cristo sa pundamental na lebel, maaaring ang lahat ng mananampalataya ay *hindi* Sila kilala sa lebel ng komunyon at pakikisama (cf interaksiyon sa pagitan ni Felipe at ni Jesus sa Juan 14:7-9). Ang 1 Juan 2:3 ay hindi tumutukoy sa *nagliligtas* na pagkakilala sa Diyos, kundi sa *eksperiyensiyal* na pagkakilala sa Diyos.

Kung paanong ang pag-aangking may pakikisama sa Diyos ay huwad kung ang mananampalataya ay "lumalakad sa kadiliman," ganuon din ang suwail na pamumuhay ay nagpapabulaan sa maintimasyang pagkakilala sa **Kaniya**.

2:4. Ngunit ang isang tao ay maaaring mag-angkin ng ganitong pagkakilala nang walang pagsunod na kaagapay nito. Sa kasong ito, ang taong nag-aangkin ay **sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kaniya** bilang isang dinamikong nagkokontrol na pwersa (tingnan ang komento sa 1:8). Kung walang pagsunod sa mga utos ng Diyos, walang taong makapag-aangkin nang may katotohanan na siya ay may maintimasyang personal na pagkakilala sa Ama at sa Anak.

Dito, gaya ng v3, ang mga salitang **"Nakikilala ko Siya"** ay maaaring isalin bilang *Natutunan kong kilalanin Siya*. Sa mga labi ng mga Revisionista ang pag-aangking ito ay nangangahulugan marahil ng pag-abot ng pagkakilala sa Diyos na hindi taglay ng mga mambabasa at inaalok ng mga Revisionistang kanilang maibibigay.

2:5. Salungat sa mga huwad na pag-aangking tinalakay sa v4, binigyang pansin ng apostol na ang taong **tumutupad** (nag-iingat) **ng Kaniyang Salita**, ay may espesyal na karanasan ng **pag-ibig ng Diyos**. Ang pag-ibig kay Cristo at pagsunod sa *Kaniyang Salita* ay hindi kailan man isang pagsubok ng nagliligtas na pananampalataya, sa kabila ng paulit-ulit na pag-aangkin ng marami na oo. Sa halip, ang mga ito ay mga pagsubok ng tunay, nasa pusong pagiging alagad kay Jesus.

**Naging sakdal ang pagibig ng Dios** sa mga masunuring Cristiano. Ang salitang Griyegong sinaling **naging sakdal** *(teteleiotai)* ay nagmumungkahing "dinala sa kabuuan," "dinala sa layon," o "dinala sa buong sukat." Ang pag-ibig ng Diyos ay kamangha-mangha sa sandali ng kaligtasan (tingnan ang 3:1), ngunit ang layon nito ay hindi naabot hanggang sa ang mananampalataya ay hindi ibinabalik ang pag-ibig na iyan sa pamamagitan ng pagiging masunurin, na nagreresulta sa pagkakilala sa malalim na personal na pag-ibig ng Ama at ng Anak habang sila ay "nananahan sa kaniya" (Juan 14:23).

Ang ekspresyong **sa Kaniya** (*en autō*) ay hindi katumbas ng konsepto ni Pablong "kay Cristo" (*en Christō*). Sa liwanag ng turo ni Cristo sa Juan 13-17 (lalo na sa 15:1-8), ang mga salitang *sa Kaniya* ay tumutukoy sa "pananahan", isang ugnayang Guro/alagad.

2:6. Ang pag-aangkin ng taong **nananahan sa Kaniya** ay mapatutunayan lamang ng pamumuhay na wangis ni Cristo. Ang salitang Griyegong *menō* ("manatili," "manahan," "mamuhay")- ang unang banggit sa 1 Juan- ay naglalarawan ng buhay ng pagiging alagad (cf Juan 15:4-7). Ang mga salita ng 1 Juan 2:5 tungkol sa pagiging "sa Kaniya" ay katumbas ng ideya ng "pananahan" sa Kaniya. Ang mga sumusunod na sitas ay nagpapaliwanag kung paano ito nangyari.

2:7. Ang **dating utos** ay taglay ng mga mananampalataya **buhat nang pasimula** ng kanilang Cristianong karanasan. Ang *dating utos* ay ang binanggit ni Jesus taong nakalipas sa Juan 13:34: "Isang bagong utos ang sa inyo'y ibinibigay ko, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa: na kung paanong iniibig ko kayo, ay mangagibigan naman kayo sa isa't isa."

Ang memorableng "bagong" *utos* ay *dati* na sa mga mambabasa ni Juan dahil natanggap nila ito *buhat nang pasimula*, samakatuwid, sa mga unang periodo ng kanilang Cristianong mga buhay. Ito ang tanging rasonableng pagkaunawa ng pariralang *buhat nang pasimula*. May implisit na koneksiyon sa pagitan ng 1:1 at 2:7, dahil si Juan ay nagmamalasakit sa sulat na ito sa orihinal na katotohanan ng Cristianismo kontra sa "bagong katotohanang" malinaw na tinuro ng mga Revisionista. Marahil ang mga Revisionista ng panahon ni Juan ay binibigyan ng bagong kahulugan ang utos

na ibigin ang bawat isa. Ito ay hindi pinapahintulot ni Juan. Ang **dating utos** ay may pareho pa ring kahulugan ngayon.

2:8. Sa isa pang pananaw (**Muli**), ang utos na binanggit ni Juan sa v7 na "dati" ay maaaring tawaging **isang bagong utos**. Ito ay dahil sa ang utos na ito ay kabilang sa bagong panahong darating.

Ang **lumilipas** (*paragō)* ay nasumpungan lamang sa 1 Juan dito at sa v17 (cf 1 Cor 7:31). Dahil sa ang sanlibutan ay moral na kalaban ng Diyos Ama (1 Juan 2:15-17), kadiliman ang naglalarawan sa kundisyon nito. Samakatuwid, sinasabi ng apostol na ang "dating" moral na kundisyon ng sanlibutan ay pansamantala. Ang "bagong" realidad" na papalit, **ang tunay na ilaw ay lumiliwanag na**. Ito ay ganap na nahayag sa pag-ibig ni Cristo sa sanlibutan (Juan 3:16), at nahahayag sa pag-ibig ng mga Cristiano sa bawat isa. Isang araw ang darating na ang pag-ibig na ito ay magliliwanag nang walang balakid na kaningningan (2 Ped 3:13).

2:9. Ang pag-aangking ang sitas na ito ay tumutukoy lamang sa "nagpapakilalang" mga mananampalataya ay walang ebidensiya. Kung ang iniisip ni Juan ay ang mga hindi ligtas (ngunit nagpapakilalang) Cristianong napopoot sa tunay na Cristiano, hindi niya sana isusulat: **Ang nagsasabing siya'y nasa liwanag at napopoot sa kaniyang kapatid**, sapagkat ang salitang *kaniyang* ay mapanligaw. Ang tamang paraan ng pagsasabi ay, "Napopoot sa *isang* kapatid" (samakatuwid, isang taong napopoot sa isang Cristiano).

Sa kontekstong ito ang paksa ay ang utos ng Panginoon na "ibigin ang isa't isa" (cf Juan 13:34). Ang nasa isip ni Juan ay ang pag-ibig ng mga Cristiano sa iba pang Cristiano (cf lalo na sa 4:20-5:1). Ang terminong *kapatid* ay dapat unawain sa Cristianong diwa.

Kinikilala ng apostol ang malungkot na katotohanang ang ilang mananampalataya ay may damdamin ng hostilidad at animosidad sa ibang mananampalataya. Ang moral na kundisyong ito ng mga Cristiano ay nakakahiya. Ang pag-aangkin ng taong lumalakad sa liwanag ng pakikisama ay pinabubulaanan ng kaniyang pagkapoot sa kapwa Cristiano. Siya ay **nasa kadiliman pa hanggang ngayon**.

2:10. Sa isang banda, ang Cristianong **umiibig sa kaniyang kapatid** ay hindi lamang nasa **liwanag** kundi **nananahan** dito. Sa pag-ibig sa Diyos at sa iba gaya ng pag-ibig ni Cristo, siya ay lumalakad gaya ng "inilakad Niya" (v6).

Ang taong namumuhay gaya nito ay ang taong **walang anomang kadahilanang ikatitisod** (*skandalon*, "bitag" anumang bumibitag sa tao sa kasalanan). Sa taong *umiibig sa kaniyang kapatid*, walang ganitong bitag.

Hindi ito nangangahulugang siya ay walang kasalanan (tingnan 1:8), kundi paglakad niya gaya ng inilakad ni Cristo, hindi siya lumilikha ng panloob na espirituwal na kundisyon kung saan siya ay mabibitag ng kasalanan.

2:11. Ang Cristianong napopoot sa kapatid ay nahiwalay sa “tunay na liwanag” (v8), na nagpapakita ng mapagmahal na kalikasan ng Diyos. Kaniya ring niyakap “ang kadiliman” na “lumilipas” (v8). Siya ay naging kasangkapan sa mga kamay ni Satanas, na nagreresulta sa trahikong dibisyon at pagkahati ng simbahan. Gaya ng sabi ni Juan, siya ay **lumalakad sa kadiliman, at hindi niya nalalaman kung saan siya naparoroon**.

III. Layon: Labanan ang mga Anticristo (2:12-27)

A. *Sa pamamagitan ng Pagkilala ng Iyong Esprituwal na Pag-aari (2:12-14)*

Ang mga v12-14 ay malinaw na nagpapakitang hindi tinuturing ni Juan ang kaniyang mga mambabasang “huwad na nagpapakilala.” Ang pananaw na ang epistulang ito ay nagpapakita ng mga “pagsubok” upang madetermina ang katunayan ng kaligtasan ng isang tao ay maling basa ng epistula.

2:12. Ang katotohanang ang mga mambabasa ay nakaranas ng kapatawaran ng mga **kasalanan** ay nagtatanda sa kanila bilang mga **mumunting mga anak** ng kanilang Ama sa langit (cf v13). Ang kapatawarang ito ay binigay **dahil sa Kaniyang pangalan** (lit, “alang-alang sa Kaniyang pangalan”). Sa madaling sabi, ang kanilang kapatawaran ay nakadepende sa epikasiya ng pangalan ni Cristo.

Gaya nang makikita sa v25-26, ang mga Revisionista ay tila kinukwestiyon ang buong karanasan ng kaligtasan ng mga mambabasa, ngunit tinuro ni Juang naranasan nila ang tunay na kapatawaran (1:5-2:2).

2:13. Sa pagtawag sa kaniyang mambabasa bilang **mga ama**, pinaalala sa kanila ni Juan ang kaniyang sinulat patungkol sa Diyos (v3-11). Sa liwanag ng mga pahayag na masusumpungan sa v3-4, ang pag-aangkin ng mga mambabasang **nakikilala** nila ang Diyos ay nagpapahiwatig na naabot nila ang estado kung saan kanilang natutupad *ang mga utos* ng Panginoon.

Ang mga salitang **yaong buhat pa nang pasimula ay Siya na** ay maaaring tumutukoy sa Diyos o kay Cristo. Dito ang mga salitang *buhat pa nang pasimula* ay pinakanatural na kunin bilang reperensiya sa eternalidad Niyang nakikilala ng mambabasa. Ang mga salitang *mga ama* ay nagdadala ng tono ng batikang karanasan kasama ng eternal na Diyos.

Ngunit ang mga mambabasa ay **mga binata** ring **dinaig ang masama** (si Satanas). Ang designasyong *mga binata* ay sumusunod sa *mga ama* dahil sa hindi matutumbasang karanasan ng mga mambabasa bilang *mga munting anak* (ang kapatawaran ng kasalanan) at bilang *mga ama* (ang pagkakilala sa

Diyos) ay hinahanda sila bilang *mga binatang* handang makipagbaka kay Satanas.

Ang totoo ay ang mga **binatang** ito ay **dinaig** na si Satanas. Ang Griyegong pandiwa (aspetong perpekto, *nenikēkate*) ay nagmumungkahi ng tagumpay sa nakalipas, na ang bunga ay nananatili. Marahil iniisip dito ni Juan ang pananampalataya ng mga mambabasa.

Bilang mga **mumunting mga anak** (*paidion*, sa halip na *teknion* [v12]) ang mga mambabasa ay maaaring lagpas na sa minimal na karanasan ng kapatawaran ng mga kasalanan. Lahat ng mananampalataya kay Cristo ay nakaranas ng kapatawaran bilang bahagi ng kanilang karanasan ng kaligtasan. Kahit sa kanilang mga naunang araw bilang *mumunting mga anak* sa pamilya ng Diyos, nakaranas na sila ng "kapatawarang pampamilya" sa kanilang pagpahayag ng kanilang mga kasalanan sa Diyos (tingnan ang 1:9). Kung paanong ang isang sanggol ay walang ibang magagawa malibang kilalanin ang kaniyang mga magulang, ganuon din sa espirituwal na kalagayan. Ang pagkakilala sa **Ama** ay nangangailangan ng panahon sa pananampalataya at espirituwal na paglago.

Ang konsepto ng "pagkakilala sa Diyos" ay sa Griyego nasa aspetong perpekto, na nagpapahayag ng sitwasyong resulta ng isang nangyari sa nakalipas. Sa bawat kasong ginamit ni Juan ang aspetong ito, ang akmang salin ay *dumating sa pagkakilala*. Sa ikalawang reperensiyang ito sa *mumunting mga anak*, ang paglago nang lagpas sa pagiging sanggol ang pinahihiwatig.

2:14. Sa mga mambabasang tinatanaw bilang **mga ama**, pinili ni Juang wala nang sabihin higit pa sa nasabi na. Sapagkat ano ang tanda ng paglago sa pagkakilala ng mga **nakikilala yaong buhat pa nang pasimula ay Siya na**? Ang kanilang pagkakilala sa Diyos ay sapat na. Walang dudang hindi ganito ang pananaw ng mga Revisionista.

Bilang **mga binata** kung saan **ang salita ng Dios ay nananahan**, ang mga mambabasa ni Juan ay handa sa digmaan, dahil ang pinagmumula ng tinutugong panalagin ay bukas sa kanila (tingnan ang 3:22; 5:14-15).

### *B. Sa Pagkilala ng Iyong Espirituwal ng Mga Kaaway (2:15-27)*

1. Labanan ang Sanlibutan (2:15-17)

2:15. **Ang sanlibutan**- ang moral at espirituwal na sistemang dinesenyo upang ilayo ang sankatauhan palayo sa buhay na Diyos- ay sadyang nakakaakit (v16), at walang Cristiano, gaano man kasakdal, ang ganap na protektado sa mga pang-aakit nito.

Kung ang isang Cristiano ay **ibigin ang sanglibutan, ni ang mga bagay na nasa sanglibutan**, *hindi* niya iniibig ang Diyos. Hindi sinasabi ni

Juang hindi iniibig ng Diyos ang mga nasa sanlibutan kundi ang pag-ibig ng Diyos ay hindi kumikilos **sa** at sa pamamagitan ng mga umiibig sa sanlibutan. Imposibleng ibigin ang sanlibutan at ang Diyos nang magkasabay.

2:16. Ang **ang lahat na nangasa sanglibutan** ay maaaring buurin sa tatlong kategoriyang pinangalanan dito ng mga apostol. Kapag sila ay pinagsama-sama, kanilang binubuod ang pang-aakit ng walang Diyos na sistemang ito.

Ang una ay **pita ng laman**, samakatuwid, ang bawat bawal na gawaing pisikal na umaapela sa mga makasalanang puso ng mga tao. Ito ang mga bagay na hinahanap ng laman, gaya ng bawal na gawaing seksuwal o nakakaadik na droga.

Ang ikalawang elemento ng sanlibutan ay ang **pita ng mga mata**, samakatuwid, ang anumang maganda sa paningin ngunit hindi tamang nasain o kunin. Ang layon ng *mga mata* ay maaaring tao o bagay, ngunit ang pagnanais na makuha ito ay tinawag sa ibang lugar bilang *pag-iimbot*.

Ang **kapalaluan sa buhay** ay nangangahulugang “walang kabuluhang pagpapakita ng buhay sa lupa.” Ang salitang Griyegong sinaling “kapalaluan” ay *alazoneia* (arogansiya, pagpapaimbabaw, o pagmamapuri ng sarili, pag-aari o mga nagawa).

Marahil sinasabi ng mga Revisionistang ang isang tao ay malayang makilahok sa mga aktibidad ng **sanlibutan**. Marahil sinasabi nilang dahil ang Diyos ang Maylalang nito, ginagamit lamang ng tao ang nilikha ng Diyos. Ngunit bagama’t ang pisikal na sanlibutan ay “sa Diyos” na lumalang nito, ang *sanlibutan* bilang isang sistemang moral ay **hindi**. Ang *lahat ng nasa sanlibutan* ay may bahid ng kasamaan (cf 1:5).

2:17. Ang sanlibutan ay hindi rin permanente: **At ang sanglibutan ay lumilipas**. Kapag *ang sanlibutan* ay hindi na umiiral bilang isang entidad na moral at espirituwal na laban sa Diyos, wala rin sa anumang masama nitong karanasan ang iiral din. Ang **masamang pita niyaon**, samakatuwid, ang makasalanang gratipikasyon ng sanlibutan, ay lilipas na gaya ng sistemang sinasalamin nito.

**Datapuwa't ang gumagawa ng kalooban ng Dios ay nananahan magpakailan man**. May eternal na pananatili sa karakter at aktibidad ng taong ito. Dahil sa ang “nananahang” buhay ay nabanggit na (v6) at isang prominenteng tema ng epistula (tingnan ang mga komento sa v28), marahil ito ay reperensiya sa *uring* ito ng buhay. Ang taong *gumagawa ng kalooban ng Diyos* ay hindi mahihiwalay sa kawangisan ni Cristong narating ng taong ito. Ang kawangisan kay Cristo ay magbibigay sa kaniya ng tapang sa Hukuman ni Cristo (4:17; cf 1 Cor 3:11-15; 2 Cor 5:10).

2. Labanan ang mga Anticristo (2:18-27)

2:18. Hindi lamang ang “sanlibutan ay lumilipas,” kundi higit pa riyan, ang apostol at ang kaniyang mga mambabasa ay namumuhay sa **huling oras**. Bagama’t ang *oras* ay maaaring tumukoy sa bahagi ng isang araw (hal, Juan 1:39; 4:6; 11:9), ito rin ay ginamit na pantukoy sa hindi tiyak na haba ng oras (hal Juan 2:4; 4:21, 23; 5:25, 28; 16:25; atbp). Dito ang *huling oras* ay kapag ang kasaysayan ng tao ay inabot ang kasukdulan sa pag-angat (at pagbagsak) ng huling dakilang panlilinlang ni Satanas.

Maraming nag-iinterpreta sa terminong **Anticristo** bilang pantukoy sa “taong makasalanan” na mag-aangking diyos sa Judiong templo (2 Tes 2:3-4) at siyang maghahari sa sanlibutan (Pah 13:5-8). Ngunit ang **marami nang anticristo** ng sitas na ito ay kapareho sa esensiya ng mga “maraming bulaang propeta” ng 1 Juan 4:1. Ang mga guro ng kabulaanan ay mga pauna ng pinakabulaang tao sa lahat, ang *Anticristo*.

2:19. Ang “marami nang anticristo” ay minsang bahagi ng samahang kinabibilangan din ng mga apostol mismo. Ang salitang **atin** na ginamit nang apat na beses sa sitas na ito, ay malinaw na kinukumpara sa “kayo” ng sumunod na sitas, na empatiko sa Griyego. Dito natin nakita sa unang pagkakataon ang pagkukumpara ng “atin”-“kayo”-“sa atin” (cf 4:4-6).

Hindi iniwan ng mga *anticristo* ang simbahan o mga simbahang sinulatan ni Juan, dahil kung oo, hindi na sana sila problema. Sa kabaligtaran, ang apostol ay nag-aalalang malantad ang kaniyang mga mambabasa sa mga lalaking ito. Lumabas sila sa simbahan, isang pahiwatig na hindi talaga sila “kabilang” dito sa pasimula pa lamang.

2:20. Ang salitang **may pahid** ay patungkol sa Espiritu Santo, marahil hindi sa Salita o sa Evangelio. Sa BT ang Salita ng Diyos ay hindi kailan man direktang kinabit sa pagpahid, samantalang ang Espiritu ay oo.

Ang tumanggap ng epistulang ito ay mga espirituwal na lumalagong Cristiano (v13-14), maaaring nasa pamumuno (o mga matatanda) sa simbahang pinadalhan ni Juan ng sulat. Kung oo, kapag ang sulat ay binasang malakas sa mga publikong pagtitipon, patitibayin nito ang espirituwal na awtoridad ng mga pinuno. Sa pag-unawang ito, dahil nalalaman ng mga pinuno **ang lahat ng mga bagay**, walang anumang dapat matutunan ang mga pinunong ito mula sa mga Revisionista. Ang mga pinuno mismo ay may sapat na kakayahang magturo ng kabuuan ng katotohanang Cristiano.

2:21. Hindi niya sila **sinulatan** dahil ignorante sila ng katotohanan. Sa kabaligtaran, sumulat siya dahil kanilang **nalalaman ang katotohanan**. Malinaw na hindi sumulat si Juan upang *subukin* kung ang kaniyang mga mambabasa ay ligtas o hindi. Sa liwanag ng v12-14 ang ganitong pananaw ay sumasalamin sa pagkabulag sa mga pahayag ng epistula mismo.

Bukod sa pagkaalam sa *katotohanan*, batid ng mga mambabasa ni Juang **alin mang kasinungalingan ay hindi sa katotohanan**. Walang pasensiya si Juan sa mga Cristianong pinupuri ang mga bulaang ideya bilang “nakaliliwanag” o “karapat-dapat talakayin,” kahit pa napakalayo nito sa **katotohanan**.

2:22. Ang kasinungalingang partikular na nasa isip ni Juan ay ang pagtangging **si Jesus ay siyang Cristo**. Para kay Juan, ang paniniwalang **si Jesus ay siyang Cristo** ay *nagliligtas* na pananampalataya (tingnan ang komento sa 5:1; cf Juan 20:30-31). Ang taong **tumatanggi** sa katotohanang ito ay isang **sinungaling** na nagwawalang bahala sa pinakabasehan kung paano maligtas ang kahit sino man.

Ang pananampalatayang *si Jesus ang Cristo* ay nangangahulugang Siya ang gumagarantiya ng buhay na walang hanggan sa bawat mananampalataya.

Ang kasinungalingang nasa isip ni Juan ay ang pagtangging ang mga mambabasa ni Juan ay may buhay na walang hanggan (tingnan ang v25). Kung si **Jesus** ay hindi **ang Cristo**, ang katiyakan ng mga mambabasang taglay nila ang buhay na ito sa pananampalataya sa Kaniya ay isang ilusyon. Kung ang kanilang katiyakan ay bumagsak, ganuon din ang kanilang pakikisama sa Diyos. Ang itangging ang pananampalataya kay Cristo ay ang tanging paraan ng buhay na walang hanggan ay ang itanggi rin ang **Ama**.

2:23. Si Jesus ay ganap na sumasalamin sa Ama ano pa at ang Kaniyang mga salita at mga gawa ay sa Ama (cf Juan 14:10-11). Ang itanggi **ang Anak** ay awtomatikong itanggi **ang Ama** (cf v22).

Sa liwanag ng 2 Juan 9 (tingnan ang mga komento roon), ang pag-aangking **ang sinomang tumatanggi sa Anak, ay hindi sumasa kaniya ang Ama**, ay nangangahulugang alin man sa **Anak** o sa **Ama** ay walang kinalaman sa mga aktibidad ng mga huwad na guro.

2:24. Ang mga mambabasa ay maaaring magtagumpay sa mga ahente ng masama, ang mga anticristo, sa pamamagitan ng pananahan sa Salita ng Diyos, na kanilang narinig **buhat nang pasimula**. Ang resulta ay **kayo naman ay mananahan sa Anak, at sa Ama**. Gaya nang pinansin sa unahan (tingnan 5-6, 14), ang “nananahang buhay” ay ang buhay na isinapamuhay nang isang alagad na nag-iingat ng mga utos ng Panginoon at may tanda ng pag-ibig sa mga kapatid.

2:25. Tinatanggi ng mga antichristo na “si Jesus ang Cristo” (v22). Ngunit tanging sa *pananampalatayang* si Jesus ang Cristo ang tao ay magkakamit ng buhay na walang hanggan (5:1; Juan 20:30-31). Ipinangako ng Diyos ang **buhay na walang hanggan** sa lahat ng nanampalatayang si Jesus ang

Cristo. Ang panghalip na **Kaniyang** ay maaaring tumukoy sa Diyos o kay Cristo mismo.

2:26. Dala ng mga Revisionista ang doktrina ng kaligtasang iba sa narinig **buhat nang pasimula** ng mga mambabasa (v24). Tinanggi nilang si Jesus ang Cristo (v22), at lumalabas na tinanggi rin nilang ang buhay na walang hanggan ay matatamo sa pamamagitan lamang Niya (sa liwanag ng v25). Maaaring nag-angkin silang mayroon silang espesyal na relasyon sa “Ama,” at ito ay tinanggi ni Juan.

2:27. Ang sitas na ito ang kasukdulan ng seksiyon tungkol sa layon ng epistula. Ang kaniyang mga mambabasa ay bihasa sa katotohanan at kailangan lamang manghawak sa kanilang dati nang alam upang ganap na matamasa ang mga benepisyo ng “nananahang buhay.”

Ang **pagpahid na sa Kaniya’y inyong [kanilang] tinanggap** ay nagmumungkahing ang mga mambabasa ay “ang mga pinahiran” sa pamamagitan ng Espiritung dumating sa kanila mula kay Jesus, “Ang Pinahiran” (cf v20). Ang *pagpahid* ng mga mambabasa ay nagturo sa kanila upang itakwil ang kasinungalingan ng mga Revisionista patungkol sa “Pinahiran.”

Bilang resulta ng pagpahid na ito hindi nila **kailangang …turuan ng sinoman**, isang tanda ng kanilang espirituwal na maturidad (tingnan ang Heb 5:12). Ang maturidad na ito ay pinahiwatig na sa ibang bahagi ng seksiyong ito (cf 1 Juan 2:13b-14, 20).

Ang dalawang paralel na pahayag- **tinuturuan ng Kaniyang pahid tungkol sa lahat ng mga bagay** at **kung paanong kayo'y tinuruan Nito**- ay nagpapakita ng nagpapatuloy na ministri ng Espiritu Santo na laging umaayon sa *dati* nang naituro ng Espiritu. Samakatuwid, anumang dating tinuro ng Espiritu ay hindi pabubulaanan o itatakwil ng anumang patuloy Niyang tinuturo. Anumang “rebisyong” tinuturo ng mga anticristo ay dapat itakwil na hindi galing sa Espiritu Santo kung ito ay sumasalungat sa dati nang tinuro ng Espiritu.

IV. Katawan: Ang Buhay na Nagreresulta sa Katapangan sa Harap ng Hukuman ni Cristo (2:28-4:19)

*A. Ang Temang Sitas: Manahan Upang Maging Matapang (2:28)*

2:28. Ang sitas na ito ang paksang pahayag para sa materyal na sumusunod sa 2:29-4:19. Habang hinahayaan ng mga mambabasa ang katotohanang “manahan” sa kanila, magagawa nilang “manahan” sa Anak at sa Ama (v24-27).

Nagbabanggit si Juan ng pagdating ni Jesucristo at ang pangangailangan ng pagiging handang tumayo sa **harapan Niya** nang may

**pagkakatiwala** at **huwag tayong mangapahiya**. Bagama't malinaw na ang mga mambabasa ay ligtas (cf ang mga komento sa v12-14), posible pa rin sa kanilang makaramdam ng kahihiyan sa harapan ni Cristo, partikular sa Kaniyang Hukuman. Bagama't ang kaligtasan ay isang libreng kaloob na hindi kailan man maiwawala, ang bawat mananampalataya ay kailangang magbigay sulit ng kaniyang Cristianong pamumuhay sa harapan ni Cristo (cf Roma 14:10-12; 1 Cor 3:11-15)-, "mabuti at masama" (2 Cor 5:10).

Sa halip na kahihiyan, minumungkahi ng manunulat na ang kaniyang mga mambabasa ay maaaring magkaroon ng **pagkakatiwala sa harapan Niya sa Kaniyang pagparito**. Ang buong katawan ng epistula ay nagpapaliwanag kung paano matatamo ang *pagkakatiwalang* ito.

*B. Sa Pagkatutong Makita ang Mga Anak ng Diyos (2:29-3:10a)*

2:29. Marahil ang mga Revisionista ay nanghahawak na ang kalikasan ng Diyos ay taglay pareho ang liwanag *at* kadiliman (cf 1:5). Sa pagkaunawang ito, ang Diyos sa Kaniyang pinakakalikasan ay may karanasan sa mabuti at masama. Ang isang malinaw na deduksiyon mula rito ay ang Kaniyang mga anak ay ganuon din. Sa kabaligtaran, dahil sa ang Diyos ay **matuwid**, **ang bawa't gumagawa ng katuwiran ay ipinanganak niya**. Ito ang unang reperensiya sa epistula tungkol sa kapanganakang muli. Ang taong ipinanganak nang muli ay makikilala kung kaniyang maipapakita ang *katuwirang* Cristiano. Ang mga "utos" ni Cristo ay mabubuod sa isang nag-iisang utos: "At ito ang kaniyang utos, na manampalataya tayo sa pangalan ng kaniyang Anak na si Jesucristo, at tayo'y mangagibigan, ayon sa ibinigay niyang utos sa atin" (3:23). Ang tunay na *katuwiran* ay imposible hiwalay sa pananampalataya kay Cristo at sa pag-ibig sa kapwa Cristiano.

Hindi tinutukoy ni Juan kung paano malalaman ng isang tao kung ang isang tao ay naipanganak nang muli. Malinaw na ang iniisip ni Juan ay ang deduksiyong magagawa ng isang tao kung alam ng taong ang Diyos ay matuwid. Kung alam *ito*, sumusunod na ang taong *gumagawa* ng Kaniyang katuwiran ang aktuwal na *nagpapakita* ng kalikasang ito at tama lamang *makilala bilang pinanganak Niya*.

3:1. Ang pagbanggit ng bagong kapanganakan (2:29) ay humugot kay Juan ng isang eksklamasyon ng paghanga. Ang salitang Griyegong sinaling **gaanong pag-ibig** *(potapos)* ay minsang nagpapakita ng intensipikasyon (*"anong dakila"* o *"sadyang kahanga-hanga"*). Anong tunay na kahanga-hangang ang **pag-ibig** ng **Ama** ay gumawa sa mga mananampalatayang **mga anak** Niya!

Ang nakikitang pag-ibig ng Diyos sa simbahan ay isang mahalagang tema sa 2:29-4:19. Malinaw na mayroong *nakikita*. Gaya nang ipinakita ng v29, ang paggawa ng katuwirang Cristiano ay *nagpapakita* sa anak ng Diyos.

Habang nakikita ang anak ng Diyos sa katuwirang Cristiano, pinakikita niya rin ang *pag-ibig* ng Diyos sa kaniya.

Ang persepsiyong ito ng anak ng Diyos ay hindi makikita sa **sanlibutang** ignorante sa mananampalataya at sa **Kaniya**, ang Panginoong Jesus. Dahil dito, ang “masdang” sinasabi rito ng apostol ay isang kakaibang karanasang Cristiano.

3:2. Ang salitang **mga minamahal** ay pinupulot ang kaisipan ng nakaraang sitas na ang mga Cristiano ay mga layon ng pag-ibig ng Ama, na binibilang sila bilang Kaniyang **mga anak**. Totoo ito **ngayon** (empatiko). Ngunit bagama’t ito ay basikong katotohanan *ngayon*, **hindi pa nahahayag kung magiging ano** ang mga mananampalataya kapag sila ay binagong maging kawangis ng Tagapagligtas.

Ang salitang sinaling **nahahayag** ay ang parehong salitang sinaling “mahayag” sa 2:28 (*phanerōthē*). Kapag si Cristo ay “mahayag,” ang mga mananampalataya ay “mahahayag” din. Dahil **tayo'y magiging katulad Niya** sa araw na iyon, hindi nanaisin ng mga mananampalataya ngayong “mangapahiya sa harapan Niya” ngayon (cf 4:17-19).

Ang dahilan kung bakit sila’y **magiging katulad Niya** ay **sapagka't siya'y ating makikitang gaya ng kaniyang sarili**. Ang makita si Jesus sa Kaniyang kaluwalhatian ay awtomatikong nagbabago para sa bawat anak ng Diyos. Ito ay sang-ayon sa aral ni Pablong kahit ngayon ang kanilang transpormasyon ay nagaganap habang kanilang minamasdan ang Kaniyang kaluwalhatian sa Kasulatan (2 Cor 3:18). Ang mga Cristiano ay may kahanga-hangang ekspekstasyon sa hinaharap- ang maluwalhating nagtatranspormang pagmasid sa kanilang Tagapagligtas- at ito ang dapat magbigay ng enerhiya sa kawangisan ni Cristo ngayon. Ito ang maghihikayat sa kanilang “manahan sa Kaniya” (2:28).

3:3. Ang kahanga-hangang katotohanang isang araw sila ay magiging ganap na kagaya ng kanilang Panginoong Jesus sa pisikal at espirituwal na aspeto ay isang **pag-asang naglilinis** ng mananampalataya.

Ang taong pinanganak na muli ay hindi nagkakasala *kailan man* dahil mayroon sa kaniyang sarili ng hindi nagkakasalang binhi ng kalikasan ng Diyos  at hindi siya *maaaring magkasala* (tingnan ang v9). Sa panloob na lebel ng kanilang tinubos na kalikasan, ang mananampalataya ay *kasindalisay* ng kaniyang Tagapagligtas. Ang kadalisayang ito  ay ganap na matatanto sa pagdating ng Panginoon (v2), ngunit kanila na sa pinakakoro ng kanilang pagkatao.

Ang pariralang **sinomang mayroon ng pagasang ito sa Kaniya** ay katumbas ng ekspresyong “ang sinumang sumampalataya sa Kaniya [sa Kaniyang pangalan, atbp].” Kapag ang indibidwal ay nanampalataya kay Cristo, binibilang ng Diyos ang katuwiran sa Kaniya. Narito ang mga taong **naglilinis sa kaniyang sarili**, hindi dahil sa anumang instrinsikong

kapangyarinan sa kaniyang pananampalataya, ngunit dahil sa kaniyang pananampalataya ang basehan kung paano siya nililinis panloob.

3:4. Ang **kasalanan** ay kabaligtaran ng kadalisayang na kay Cristo at sa lahat ng may pag-asang maging kagaya Niya. Ang **sumasalangang** *(anomia)* ay mas maiging isalin bilang “kasamaan” o “inikwidad.” Ang pagkakasala ay hindi kailan man nagpapakita o nagmamanipesta ng kadalisayang binanggit ni Juan sa v3.

3:5. Para sa mga panloob na nalinis ang kanilang mga sarili sa pamamagitan ng bagong kapanganakan (cf v3), ang kasalanan ay hindi akma hindi lamang dahil ito ay masama (v4), kundi dahil ito ay salungat sa persona at gawa ni Cristo. Bagama’t ang bawat Cristiano ay nagkakasala (1:8), ang kasalanan ay walang lugar sa buhay ng isang Cristiano (cf Roma 6:1-4). Hindi ito dapat pinahihintulutan, at mas lalong hindi ito ineendorso sa anumang paraan (cf 1 Juan 2:1).

Ang layon ng unang pagbabalik ni Jesus ay upang **magalis ng mga kasalanan**. Dahil sa Kaniyang sakripisyal na kamatayan, sa huli ang kasalanan ng sanlibutan ay maaalis sa karanasan ng tao. Walang sinuman sa eternal na kaharian ng Diyos (matapos ang pinal na himagsikan sa milenyo; Pah 20:7-10) ang magkakasalang muli. Ang mga pahayag ng v2 ay tinukoy na sa kasukdulang ito.

Ang pagtakwil sa kasalanan, kung ganuon, ay dapat nakabase hindi lamang dahil sa makasalanan nitong katangian, kundi dahil sa pagkatantong ang layon ng Tagapagligtas ay ang ganap itong tanggalin sa mga buhay ng mga mananampalataya. Ang Kaniyang sariling personal na kadalisayan (v3), ay nagbibigay ng insentibong itakwil ang kasalanan sa lahat nitong anyo. Sapagkat Siya ay walang anumang kasalanan; **at sa kaniya'y walang kasalanan**. Ang sakripisyal na gawa ni Cristo, at ang Kaniyang personal at absolutong kabanalan, ay ginagawa ang kasalanan bilang hindi akma sa mananampalataya.

3:6. Sapagkat walang kasalanan kay Cristo, ang mananampalatayang **nananahan sa kaniya ay hindi nagkakasala** (cf 2:28). Maraming pagpapagal ang naubos, dito at sa v9, upang palambutin ang asersiyong ito. Isang popyular na paraan ay unawain ang pangkasalukuyang aspeto *(hindi nagkakasala)* bilang “hindi *patuloy na* nagkakasala.” Isa pang popyular na pananaw ay si Juan ay nagbabanggit ng isang ideyal na hindi ganap na nangyari sa kasalukuyang karanasan.

Salungat sa dalawang pananaw na ito ay ang pahayag ng v5 na **at sa Kaniya'y walang kasalanan**. Dahil totoo ito, ang *sinumang nananahan* sa Kaniyang walang kasalanan ay hindi masasabing nagkakasala lang ng *kaunti*! Kung “walang kasalanan” kay Cristo, walang madadalang kahit kaunting kasalanan sa karanasang espisipikong sinabing *nasa* Kaniya. Ang kabiguang

makita ang lohikal na koneksiyon sa pagitan ng v5 at 6 ay ang dahilan kung bakit ang v6 ay hindi maunawaan. Ang resulta ay ang hindi pagkaunawang ito ay nadadala sa v9.

Nililinaw ng 1 Juan 1:8 na walang Cristianong makaaangking ganap na malaya sa kasalanan sa kaniyang karanasan sa buhay na ito. Ngunit kaakibat nito, ang karanasang “manahan sa Kaniya” ay isang karanasang walang kasalanan. Ang isang lugal ng pagsunod ay hindi “narurungisan” ng presensiya ng kasalanan sa ibang mga lugal. Kung sinusunod ng isang tao ang utos na ibigin ang kaniyang kapatid, ang pagsunod na ito ay hindi narurumihan sa paningin ng Diyos ng kung anong ibang kabiguan sa buhay, gaya ng kawalan ng pagmamatiyag sa panalangin (cf Ef 6:18).

Kapag ang mananampalataya ay lumalakad na kasama ng Diyos, nagagawa Niyang lampasan ang anumang kaniyang kabiguan at makita ang aktuwal na pagsunod na nariyan. Sa 1:7, nilinaw ni Juang kahit sa lumalakad sa liwanag, may nagpapatuloy na paglilinis nang dahil sa birtud ng dugo ni Cristo. Habang ang mananampalataya ay lumalakad sa liwanag at ginagawa ang mga utos ng Diyos, nakikita siya ng Diyos bilang ganap na malinis at walang akusasyon ng kabuktutan.

Samakatuwid, kapag ang mananampalataya ay *nananahan sa Kaniya*, ang positibong *pagsunod* ang pinapansin at kinikilala ng Diyos. Ang kasalanang nananatili ay hindi *sa anumang diwa* nagmumula sa nananahang buhay at ang kasalanang ito ay nilinis ayon sa 1:7. Ang karanasan ng “pananatili” ay katumbas ng pagsunod.

Dahil sa ang kasalanan ay hindi bahagi ng karanasan ng pananahan, sumusunod lamang na **sinomang nagkakasala ay hindi nakakita sa Kaniya, ni hindi man nakakilala sa Kaniya**.

Maling gamitin ang pangkasalukuyang aspeto ng pandiwang *nagkakasala*, na tila ito nangangahulugang “patuloy na nagkakasala,” (tingnan ang v9). Ang daloy ng diwa ay tumuturo sa salungatan ng kasalanan at ni Cristo, sa pagitan ng kasalanan at pananahan. Anumang pagsubok na isama ang “kaunting kasalanan” o “kasalanan paminsan-minsan” sa mga pahayag ni Juan ay ganap na nagpapawalang bisa ng salungatang ginagawa ng apostol. Dahil kahit ang mga mananampalataya ay nagkakasala (1:8), ang pahayag ay may intensiyong pasamain at itakwil ang kasalanan bilang isang produkto hindi lamang ng hindi pananahan kundi ng pagkabulag sa Diyos.

Ang bawat kasalanan ay nanlilinlang (Heb 3:13), at dumadaloy sa pagdidilim ng puso sa Diyos. Ang hindi pagkilalang ang pahayag ni Juan ay totoo *sa lahat* ng kasalanan ay ang mamintisan ang kaniyang punto. Kung pinangangatuwiranan ng mga Revisionista ang kasalanan, sila ay mali. Nagkakasala ang tao sa paraang sila ay bulag at ignorante ng tunay na Diyos.

3:7. Ang simplisidad ng isipan at espiritu ay madalas na pinakamainam na kalasag ng isang Cristiano laban sa mga eresiyang nag-aangking may mas “malalim” na kaalamang ibabahagi. Malinaw sa sinusundang materyal (lalo na

sa v4-6) na nasa isip ni Juan ang mga Revisionista. Ang mga mambabasa ay hindi dapat pumayag na **padaya** sa mga anticristong ito. May ilang mananampalataya marahil ang iniisip na maaari silang magkasala at angkining sila ay may kontak sa Diyos.

Upang hindi madaya, ang mga mambabasa ay dapat isaisip ang simpleng katotohanang **ang gumagawa ng katuwiran ay matuwid, gaya Niya na matuwid**. Ang punto ni Juan ay ang *katuwiran* (sa halip na kasalanan) ang nagsasabing ang isang tao ay may perpektong panloob na katuwiran sa harap ng Diyos (tingnan ang 2:29).

Tanging *katuwiran* ang nagmumula sa panloob na kalikasan ng taong *matuwid* na kung paanong ang Diyos ay *matuwid*, sapagkat "sa Kaniya ay walang anumang kadiliman" (1:5). Kapag ang mananampalataya ay nagkakasala, hindi ito manipestasyon ng dibinong katuwiran.

3:8. Kung ang mananampalataya ay matuwid, at ang kasalanan ay hindi manipestasyon ng katuwirang iyan, kung ganuon ang kasalanang ginagawa ng lahat ng mananampalataya (1:8) ay **sa diablo**, samakatuwid sa kaniya ito nagsimula. Ang mga interpreter na kinukuha ang pahayag na ito bilang katumbas ng pagsasabing ang nagpapahayag na Cristiano ay hindi ligtas ay hindi nakuha ang punto. Dahil sa maging si Juan ay kinikilalang ang mga Cristiano ay nagkakasala (tingnan ang 1:7-10), kung **ang gumagawa ng kasalanan** ay hindi ligtas, *lahat* ay hindi ligtas!

Kinilala ni Juang **buhat pa nang pasimula ay nagkakasala ang diablo**, samakatuwid, siya ang pinagmulan ng lahat ng kasalanan, at ang kaniyang makasalanang karera ay nagmula *sa pasimula*. (*Ang pasimula* ay hindi tumutukoy sa nakaraang eternidad dahil ang diablo ay isang nilalang at hindi eternal. Ang reperensiya ay sa orihinal na kalagayan ng sannilalang nang ipakilala rito ni Satanas ang kasalanan, Isa 14:12-15; Ezek 28:11-15). Ang *sa diablo* ay nangangaghulugang "ginagawa ang gawain ng diablo" (cf ang mga salita ni Jesus kay Pedro sa Mat 16:23).

Bukod diyan, ang partisipasyon sa kasalanan ay partisipasyon sa bagay na dumating si Jesus upang wasakin, **sapagkat ang nahayag ang Anak ng Diyos upang iwasak ang mga gawa ng diablo** (cf v5 Siya ay "nahayag upang alisin ang ating mga kasalanan").

Natural lamang na maraming nagtatanong kung paano ang pag-aangking ito ay maihaharap sa katotohanang ang mga Cristiano *ay* nagkakasala, gaya ng pagkilala mismo ni Juan (1:8). Ngunit ang sagot ay nasa malapit. Sa 1:8 nagbabala si Juan, "Kung sinasabi nating wala tayong kasalanan, dinadaya natin ang ating mga sarili." Ngunit sa 3:9 sinabi niyang, *ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala*. Bilang isang buong persona, ang mga mananampalataya ay nagkakasala at hindi kailan man makapag-aangking malaya rito, ngunit ang kanilang "panloob na sarili" na pinanganak nang muli ay hindi nagkakasala.

Sa paglalarawan ng kaniyang pakikibaka sa kasalanan, pinansin ni Pablo ang dalawang magkaibang pwersang kumikilos. Masasabi niyang, “Sapagka't ako'y nagagalak sa kautusan ng Dios ayon sa *pagkataong loob* datapuwa't nakikita ko ang ibang kautusan sa aking mga sangkap na nakikipagbaka laban sa kautusan ng aking pagiisip, at dinadala akong bihag sa ilalim ng kautusan ng kasalanan na nasa aking mga sangkap” (Roma 7:22-23; may dagdag italiko). Bago ito, kaniyang nasabing “Datapuwa't kung ang hindi ko ibig, ang siya kong ginagawa, ay hindi na ako ang gumagawa nito, kundi ang kasalanang tumitira sa akin” (v24). Sa koro ng kaniyang pagkatao (sa kaniyang *pagkataong loob*) hindi siya nagkakasala at hindi siya magkakasala. Ang pagkataong loob (ang “ipinanganak na sarili”) ay ganap na hindi nagkakasala, ganap na alipin ng kalooban ng Diyos. Kung ang kasalanan ay nagaganap, hindi ang pagkataong loob ang gumagawa nito.

Ang kasalanan *ay umiiral* sa isang Cristiano, ngunit ito ay dayuhan at labas sa kaniyang ipinanganak na muling panloob na sarili, kung saan si Cristo ay nananahan sa perpektong kabanalan. Dahil si Cristo *ay* buhay na walang hanggan (1 Juan 5:20), ang may taglay ng buhay na iyan ay *hindi maaaring magkasala, sapagka't siya'y ipinanganak ng Dios*. Ang dibinong *binhi (sperma)* ng buhay na iyan ay nananahan (*menō*, “nananahan,” “nananatili”) *sa kaniyang* ipinanganak nang muli, at dahil dito imposible ang kasalanan sa lebel ng kaniyang ipinananganak na panloob na sarili.

Ang pagkaunawang ito ng 3:9 ay nakasalig sa 2:29-3:8. Pamilyar na bahagi ng diskursong Johannine ang mga absolutong pagkukumpara. Pinakaprominente sa mga ito ang salungatan ng liwanag/dilim at kamatayan/buhay. Ngunit sa mga ito dapat idagdag ang polaridad ng kasalanan/katuwirang prominenteng masusumpungan dito.

Sa loob ng maraming dekada, popyular ang opinyong ang susi sa pagkaunawa ng 3:9 ay ang pangkasalukuyang aspeto ng pandiwang *nagkakasala*. Sa pananaw na ito ang sitas ay dapat basahing, “Ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi *patuloy* na nagkakasala, sapagka't ang Kaniyang binhi ay nananahan sa kaniya: at siya'y hindi maaaring *patuloy* na magkasala, sapagka't siya'y ipinanganak ng Dios.” (Ang NIV ay may kaparehong salin.) Sa pananaw na ito, ang pananatili sa kasalanan ay hindi mangyayari kung ang isang tao ay ipinanganak nang muli.

Ngunit ito ay nagtataas ng mas maraming tanong kaysa sa sinagot. Hindi ba at ang lahat ng mga Cristiano’y *patuloy na nagkakasala* hanggang kamatayan? Bukod diyan, hindi ba’t lahat ng Cristiano’y nagkakasala *araw-araw*? Ang isa bang taong ipinanganak nang muli ay dumarating sa puntong hindi na siya magkakasala? Ang panukalang saling ito ay walang anumang nasolusyunan.

Ang taong pinanganak nang muli ay maipahahayag lamang ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng katuwiran (cf 2:29) at hindi niya maipahahayag ang kaniyang sarili sa pamamagitan ng kasalanan, sapagkat siya’y *hindi maaaring magkasala*.

3:10a. Kinuha ng NKJV ang pahayag na ito bilang reperensiya sa sinusundan (pansinin ang semi-kolon sa saling ito). Ngunit mas maiging kunin ang huling bahagi ng sitas na ito bilang panimula ng isang bagong yunit.

Ang mga salitang **Dito** ay tumutukoy pabalik sa halip na pasulong sa konteksto. Ang gamit ng salitang **nahahayag** sa bersong 10a ay nagkakabit ng pahayag sa sinundan sa 2:29-3:9. **Ang mga anak ng Dios**… *ay nahahayag* sa kanilang paggawa ng katuwiran. Hindi ito dapat makita bilang pagsubok ng kaligtasan. Ang iisa at tanging pagsubok ng kaligtasan ni Juan ay pananampalataya (cf 5:1 at 5:9-13). Sa halip, ito ay simpleng pahayag kung *paano* ang mga anak ng Diyos ay nagpapahayag ng kanilang mga sarili.

Ang mga nakikita ang 1 Juan bilang isang gabay na aklat sa pagdesisyon kung sino ang ligtas o hindi ay mali ang gamit sa aklat. Sinusulong ni Juan ang tema sa 2:28 na ang tapang sa harapan ng Panginoon ay inaalok sa lahat ng mga nananahan sa Kaniya. Sa pananahan sa Kaniya, ang mga mananampalataya ay maihahayag at hinahayag ang kanilang mga sarili bilang mga anak ng Diyos. Ngunit ang mga hindi nananahan ay hindi maihahayag ang kanilang mga sarili. Ang realidad ng kanilang bagong panganak na panloob na pagkatao ay nananatiling nakatago.

Ang parehong prinsipyo ay aplikable sa **mga anak ng diablo**. Walang mabuting rason upang kunin ang pariralang ito bilang ekslusibong pantukoy sa mga taong hindi ligtas (tingnan ang v8). Ang mga salitang *mga anak ng diablo* ay deksriptibo ng kalikasan. Sa liwanag ng 2 Juan 9 (tingnan ang mga komento roon), ang Cristianong lumihis sa malusog na doktrina tungkol sa pagkato at gawa ni Jesucristo at masigasig na sumasalungat sa katotohanan ay mailalarawan sa ganitong paraan. Hindi ito kakaiba sa katotohanang tinawag ni Jesus ang Kaniyang sariling alagad na si Pedro bilang “Satanas” (Mat 16:23). Ang “anak ng diablo” ay ang sinumang gumagawa ng gawain ng diablo sa pamamagitan ng paglaban sa katotohanan.

### *C. Pagkatutong Makita ang Cristianong Pag-ibig (3:10b-23)*

3:10b. Dito inapirma ni Juang **ang sinomang hindi gumagawa ng katuwiran** ay **hindi umiibig sa kaniyang kapatid**. Sa parehong kaso, ang tao ay hindi **sa Diyos** sa diwang ang Diyos ay wala sa likuran ng kaniyang ginagawa.

Gaya ng kaso ng pariralang *sa diablo* sa v8, maling kunin ang pariralang **hindi sa Diyos** *(ek tou theou)* na kasinkahulugan ng “hindi ipinanganak ng Diyos.” Ang salin ng NIV na “Ang sinumang hindi gumagawa ng matuwid ay hindi anak ng Diyos,” ay paraprasiya ng teksto at misinterpretasyon nito. Paano? Ang isa ay *dapat* munang maging anak ng Diyos bago niya magagawang kamuhian ang *kaniyang kapatid*. Ang taong hindi ligtas ay walang Cristianong *kapatid* na kamumuhian (cf 2:9).

Kumilos din si Juan mula sa malawak na tema sa mas makipot na tema. Ang mga salitang *ang sinomang hindi gumagawa ng katuwiran* ay tumutukoy sa *sinumang* walang matuwid na gawa, ligtas man o hindi. Ngunit ang mga salitang *ang hindi umiibig sa kaniyang kapatid* ay nagpapakilala ng isang katuwirang tanging isang Cristiano ang makakapakita o bigong magpakita nito.

3:11. Ang kabiguang ibigin ang kapatid ay walang iba kundi ang paglabag sa utos ng Tagapagligtas na **mangagibigan tayo sa isa't isa** (Juan 13:34). Ang orihinal na utos ay pinahayag ni Jesus *matapos* na iwan ni Judas ang Silid sa Itaas (Juan 13:30). Ang ganitong utos ay hindi sumasaklaw kay Judas, na hindi anak ng Diyos.

Samakatuwid ang bagong paksa ng yunit na ito ng epistula (3:10a-23) ay patungkol sa utos na binigay lamang sa mga mananampalataya at matutupad (o hindi) lamang ng isang taong ipinanganak na muli. Ang **pasabing** tungkol sa pag-ibig ay ibinigay sa kanila sa **buhat ng panimula** ng kanilang Cristianong karanasan (cf 2:7).

3:12. Ang klasikong halimbawa ng kapatid na namuhi sa kapwa kapatid ay ang kaso ni **Cain** at ni Abel (Gen 4:1-5). Si *Cain* ay **sa masama**, na ang ibig sabihin ay nanggaling ang kaniyang ginawa sa impluwensiyang sataniko sa halip na anumang may kinalaman sa Diyos (cf 1 Juan 3:8, 10b). Gaya nang sinabi ni Jesus, si Satanas ay "mamamatay-tao mula sa pasimula" (Juan 8:44). Kung si Cain ba ay pinanganak na muli ay isang tanong na hindi masasagot mula sa impormasyon ng Biblia. Ngunit ginamit ni Juan ang pisikal na relasyon sa pagitan ni Cain at Abel bilang ilustrasyon ng espirituwal na relasyon sa pagitan ng magkakapatid na Cristiano. Kung paanong posible sa isang kapatid na patayin ang kaniyang biolohikal na kapatid, ganuon din naman posible para sa isang Cristianong patayin ang kaniyang kapwa. Ang isang kahila-hilakbot na krimen gaya ng **pagpatay** ay hindi tinuturing sa BT bilang imposible para sa isang Cristianong gawin (cf 1 Ped 4:15). Kung ang Cristiano ay guilty ng pagpatay, ang impluwensiya ng *masama* ang nasa likod nito.

Ang mga sumusunod na salita ng apostol ay nakapagsasabi. **Sapagka't ang kaniyang mga gawa ay masasama, at ang mga gawa ng kaniyang kapatid ay matuwid**. Ang espirituwal na pagkainggit ay nagresulta sa unang pagpatay sa kasaysayan ng tao. Sa tuwing ang isang Cristiano ay nakararanas ng guilt dahil sa ang kanilang kilos ay hiwalay sa kalooban ng Diyos, masusumpungan nilang madaling makaranas ng pagkamuhi sa mga alam nilang aprubado ng Diyos.

3:13. Marami ang nakikita ang v13 bilang paliwanag ng v11-12, at iniisip na si Cain ang halimbawa ng dapat asahan mula sa sanlibutan, isang bagay na imposible para sa isang kapatid na Cristiano. Ngunit ang mas malawak na

konteksto ay nagpapakitang ang intensiyon ni Juan ay ikumpara ang pag-ibig ng kapatiran sa pagkamuhi ng sanlibutan, samantalang minsan ang mga magkakapatid ay gumagawing kagaya ng sanlibutan.

Habang ang pagkamuhi sa pagitan ng mga magkakapatid ay hindi ayon sa utos ni Jesus na "ibigin ang isa't isa" at kung ganuon ay hindi inaasahang karanasan, ang kapareho ay hindi maasahan sa **sanlibutan**. Samantalang ang mga mambabasa ay maaaring **mangagtaka** sa poot na galing sa isang kapatid, ang poot ng sanlibutan ay dapat asahan.

3:14. Ang empatikong **natin** ay walang dudang patungkol sa mga apostol mismo. Salungat sa "sanlibutan" iniibig ng mga apostol ang kanilang kapwa Cristiano.

Sa katotohanan, pinahayag ni Juan, "**Nalalaman nating** [mga apostol] **tayo'y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan, sapagka't tayo'y nagsisiibig sa mga kapatid**." Ito ay hindi lamang pag-aangking *iniibig* nila ang kanilang kapwa mga Cristiano. Ito ay isang pag-aangkin sa isang tiyak na kalidad ng karanasan. Ang mga apostol ay may kakayahang makilala ang kanilang karanasan ng *pag-ibig* bilang karanasan ng *buhay* at hindi ng *kamatayan*.

Ang mga salitang *nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan* ay hindi nangangahulugang ang mga apostol ay tiyak ng kanilang eternal na kaligtasan *dahil* iniibig nila *ang mga kapatid*. Walang dahilan para maging totoo ito para sa kanila o sa ibang mga Cristiano. Ang katiyakan ng kaligtasan ay nakabase sa testimonyo ng Diyos (tingnan ang 5:9-13). Sa halip, sa perpektong normal na gamit ng salitang *nalalaman*, dineklara ni Juan na siya at ang kaniyang mga kapwa apostol ay *naranasan* ang paglipat *mula kamatayan patungong buhay* sa pamamagitan ng pag-ibig sa kanilang mga kapatid na Cristiano.

Ang implikasyon ay ang paglipat *mula kamatayan patungong buhay*, na nangyari sa sandali ng kaligtasan (Juan 5:24) ay malalaman at mapapahalagahan sa karanasan sa pamamagitan ng Cristianong *pag-ibig*.

Sa kabaligtaran, **ang hindi umiibig ay nananahan sa kamatayan**. Imposible para sa Cristianong bigong *ibigin ang kaniyang kapatid* na magkaroon ng eksperiyensiyal na pagkakilala ng *buhay* na binanggit pa lang ni Juan. Sa halip, ang taong iyan ay *nananatili* ("nananahan") *sa kamatayan*. Kung ang pag-ibig ay karanasan ng "buhay," sinasabi ni Juang ang *pagkapoot* sa Cristianong kapatid ay karanasan ng kamatayan (cf Roma 7:9-10).

Samakatuwid, walang makatarungang pagtutol sa konsepto ng Cristianong "nananahan" sa *kamatayan* sa diwang hiwalay siya sa karanasan ng buhay ng Diyos. Sa isang mariing pagkukumpara sa 2:9-11; 3:10,12, walang Griyegong *kaniya* sa pariralang *kaniyang* kapatid. Ang pahayag ng v14 ay lapat hindi lamang sa mga Cristianong maaaring napopoot sa isang partikular na Cristianong *kapatid*, kundi sa sinumang napopoot sa ganitong

*kapatid*. Hindi mahalaga kung sino ang napopoot. Ang pagkapoot ng isang Cristiano ay isang karanasan sa mundo ng *kamatayan*.

3:15. Ang pagkapoot ng isang **kapatid** ay isa ring karanasan ng pagpatay. Ang taong **napopoot sa kaniyang** Cristianong kapatid ay walang pinagkaiba kay Cain (cf v12), kahit pa hindi niya isinagawa ang pisikal na pagpatay ng *kaniyang kapatid*. Ang espiritu ng pagkapoot ay ang pagnanais na "mawala" ang kaniyang kapatid at wala siyang pakialam kung mamatay nga ito.

Hindi sinasabi ni Juan (gaya ng paraprasiya ng NIV) , "Walang mamatay-tao ang *may* eternal na buhay." Ang NKJ (at NAS) ay may mas maiging saling **Walang sinomang mamamatay-tao na pinananahanan ng buhay na walang hanggan**. Ang susi ay ang konsepto ng "pananahan." Bukod diyan, ang konsepto ni Juan ng *pananahan* ay laging isang resiprokal na relasyon, gaya ng sabi ni Jesus: "Manahan kayo sa Akin, at Ako sa inyo" (Juan 15:4; tingnan ang 1 Juan 2:27). Dahil si Cristo mismo ang buhay na walang hanggan (cf Juan 5:20), ang sabihing ang sinuman ay walang *buhay na walang hanggang nananahan sa kaniya* ay katumbas ng pasabing walang Cristong *nananahan sa kaniya*.

2. Ano ang Pag-ibig (3:16-18)

3:16. Ang Cristianong pag-ibig ay makikilala sa kaniyang kompormidad sa supremong modelong masusumpungan sa kamatayan ni Cristo **para sa atin**. Bagama't si Cristo ay namatay para sa buong mundo (1 Juan 2:2), kapag kinunsidera ng isang mananampalataya ang kanyang sariling obligasyong umibig, dapat siyang magpokus sa katotohanang para sa kaniya namatay si Cristo. Bilang personal na benepisyaro ng Kaniyang dakilang sakripisyo, ang mga mananampalataya ay dapat maging handang magsagawa ng kaparehong sakripisyo **para sa mga kapatid**.

Ang mga salitang **nakikilala natin** ay nasa aspetong perpekto, na nagmumungkahi ng isang sitwasyong resulta ng isang pangyayari o aksiyon sa nakalipas. Sa sandaling maunawaan ng isang Cristiano ang pag-ibig ni Cristo para sa kaniya, nakarating siya sa depinitong kaalaman kung ano ang Cristianong *pag-ibig*.

3:17. Minsan, mas madaling magpahayag ng kahandaang mamatay para sa isang kapatid, kaysa sa alalayan siya sa panahong siya ay **nangangailangan**. Dahil dito, nais ni Juang sukatin ang realidad ng pag-ibig ng isang Cristiano sa kaniyang kapatid sa pagbibigay ng halimbawang mas malamang na mangyayari kaysa sa oportunidad na mamatay para sa isang kapatid.

Sa v16, ang Griyegong salita para sa "buhay" ay *psyche*. Sa v17, gumamit si Juan ng isa pang salitang Griyego para sa "buhay" (*bios*, buhay sa aspeto nitong panlupa at/o materyal), kaya sinaling **pag-aari**. Ito ay maaaring

isaling **sinomang mayroong** *buhay* **sa sanglibutang ito**! Ang kaisipan ay ang pagbabahagi sa ibang Cristiano ng mga materyal na bagay na *magpapatuloy* ng buhay, sa pinakapuso nito, ay isang paraan ng pagbigay ng ating buhay para sa kanila.

Ngunit, kung sa halip na gawin ito, ang Cristiano ay **ipagkait ang kaniyang awa** mula sa kaniyang nangangailangang kapatid, ito ay nagsasalita patungkol sa kaniyang relasyon sa Diyos.

Ang Cristianong walang awa ay walang buhay na karanasan ng *pag-ibig* ng Diyos. Ang retorikal na tanong ni Juan, **paanong mananahan ang pagibig ng Dios sa kaniya?** ay may simpleng kahulugan na ang *pag-ibig* ng Diyos ay hindi *nananahan sa kaniya*. Ang walang awang Cristiano ay hindi lumalakad gaya ng lakad ng kaniyang Panginoon (cf 2:6), at samakatuwid ay hindi namumuhay ng nananahang buhay.

3:18. Hindi dapat isipin ng mga mambabasang nagpahayag sila ng pag-ibig kung ang pahayag na ito ay berbal lamang (**ng salita**), at gamit lamang ang **dila**. Ang tunay na pag-ibig ay nananawagan ng aksiyon (**ng gawa**) at kompormidad sa **katotohanan**. Sa mga salitang *ng katotohanan*, pinapakahulugan ni Juang ang kanilang pag-ibig para sa ibang Cristiano ay dapat komporme sa manipestasyon ng pag-ibig kay Cristo (cf v16).

3. Ano ang Ginagawa ng Pag-ibig Para sa Mga Mananampalataya (3:19-23)

3:19. Ang isyu rito ay hindi katiyakan ng kaligtasan, kundi kung ang tao ay lumalahok sa katotohanan patungkol sa pag-ibig Cristiano. Ang mananampalataya kay Cristo ay madaling matanong ang kaniyang sarili, “Ako ba ay umiibig na gaya *Niya*? Ginagawa ko ba talaga *ito*?”

Ang mga salitang **sa katotohanan** ay alingawngaw ng ekshortasyon sa v18 na ang mga mananampalataya ay dapat umibig “sa gawa at *sa katotohanan*.” Ang panimulang salitang **Dito’y** ay tumutukoy sa v18, at katumbas ng “Sa pagsagawa nito” (ie sa pag-ibig sa gawa at sa katotohanan). Kapag ang mga mananampalataya ay kumilos sa pag-ibig na may mga gawang sumasalamin *sa katotohanan* ng pag-ibig na nahayag kay Cristo, *malalaman* nilang sila ay *nasa katotohanan*.

Kung ang isang Cristiano ay nag-aalinlangan na siya ay may kakayahang magpadama ng Cristianong pag-ibig sa kaniyang mga kapatid, siya ay nag-aalinlangan kung kaya niyang makipag-ugnayan, o makilahok, sa *katotohanang* hinayag kay Cristo tungkol sa uring ito ng pag-ibig. Maaaring nakakadama siya ng guilt para sa nakaraang mga kabiguan o marahil may mariin siyang pakiramdam ng pagkukulang, ngunit sa pagkilos sa pag-ibig gaya ng direktiba ng v18, maaari niyang malaman sa mga aksiyong ito na siya ay *lumalahok* sa katotohanan- samakatuwid, siya ay *sa katotohanan*. Isang

paraan upang sabihin ito ay sa pamamagitan ng pag-ibig, malalaman ng isang taong ang kaniyang mga aksiyon ay *nagmumula sa* katotohanan.

Ang mga sumusunod na salita, **at papapanatagin natin ang ating mga puso sa harapan niya**, ay mas maiging isama sa mga salita ng susunod na sitas.

3:20. Mali ang NKJV sa pagtrato ng sitas na ito bilang hiwalay na pangungusap dahil inalis nito ang pag-ulit ng inisyal na salitang Griyegong *hoti* (**Sapagkat**). Ngunit ang *hoti* ay inulit sa Griyego sa harapan ng sugnay (na sa Ingles) ay nagsisimula sa **ang Diyos ay lalong dakila** at hindi sinalin sa NKJV. Ang salin ay dapat idugtong sa huling sugnay ng v19 at dapat basahin gaya ng sumusunod, "at papanatagin [o makukumbinse *perisomai*] natin ang ating mga puso sa harapan Niya na [*hoti*] kung hinahatulan tayo ng ating mga puso, na [*hoti*] ang Diyos ay mas lalong dakila kaysa ating mga puso, at nalalaman Niya ang lahat ng mga bagay." Sa pagsagawa ng mga gawa ng pag-ibig ("Dito'y" v19), malalaman ng mga mananampalatayang sila ay "sa katotohanan." Ganuon din sa kanilang kilos, mapapanatag nila ang kanilang mapaghatol na puso.

Kapag ang mananampalataya ay umiibig "sa gawa at sa katotohanan," dapat nilang *panatagin* [*kumbinsehin*] ang kanilang mga puso na *ang Diyos ay lalong dakila* kaysa kanilang mga puso sapagkat ganap Niyang nalalaman ang pag-ibig na kanilang pinahayag sa kanilang mga aksiyon.

Kapag ang mananampalataya ay lumalapit sa trono ng biyaya ng Diyos sa panalangin, dapat silang umasa na alam ng Diyos (kahit pa hindi alam ng **ating puso**!) ang a*ktuwal nating ginawa* sa pag-ibig.

3:21. Sa pagharap ng mga mananampalataya sa Diyos, marahil sila ay **hindi hinahatulan** ng kanilang mga puso sa kanilang kabiguang ipahayag ang pag-ibig Cristiano. Marahil ito ay dahil sa ang kanilang mga puso ay handang tinanggap ang katotohanang nalalaman ng Diyos ang pag-ibig na kanilang pinakita "sa gawa at katotohanan" (cf 18) o ito ay kanilang "kinumbinseng" tanggapin ito (v19). Alin man ang kaso, ang resulta ay **may pagkakatiwala tayo sa Dios**.

Ang salitang *pagkakatiwala* (*parrēsia*) ay ang parehong salitang ginamit sa 2:28 ("magkaroon kayo ng *pagkakatiwala* sa harapan Niya sa *Kaniyang pagparito*"). Maliwanag na kung wala silang tiwala sa harapan ng Diyos kapag sila ay lumuhod *sa panalangin* (cf v22), mas lalong walang silang tiwala sa *Kaniyang pagparito*.

3:22. Gaya nang pinapakita ng empatikong mga salitang "sa harapan Niya" sa v19, ang iniisip ni Juan sa dagliang konteksto ay "pagtitiwala" sa *panalangin*. (Babalik siyang muli sa paksang ito sa 5:14-17.) Ang resulta ng "pagtitiwala" sa Diyos sa panalangin ay, siyempre, tinugon na panalangin. Samakatuwid, **anomang ating hingin ay tinatanggap natin sa Kaniya**. Ang dahilan sa

ganitong tinugon na panalangin ay dalawa: (1) **tinutupad natin ang Kaniyang mga utos at** (2) **ginagawa natin ang mga bagay na kalugodlugod sa Kaniyang paningin**.

Ganuon din ang mga Cristianong aktibong nagsisikap na bigyang lugod ang Diyos ay hindi *hihingi* ng mga bagay na hindi *nakalulugod sa Kaniyang paningin*. Samakatuwid, kapag ang panalangin ay nagmula sa puso ng isang taong ang kalooban ng Diyos ang nauuna, *anumang* hingin niya sa Diyos ay matatanggap *mula sa Kaniya* sapagkat siya ay humihingi nang "ayon sa Kaniyang kalooban" (5:14).

3:23. Tinapos ni Juan ang sabyunit na ito (v19-23), gayundin ang mas malaking sabseksiyon (3:10b-23), sa isang paglalagom kung ano ang kahulugan ng "tinutupad natin ang Kaniyang mga utos at ginagawa natin ang mga bagay na kalugodlugod sa Kaniyang paningin" (v22). Na ito ay isa ngang paglalagom ay makikita natin sa paglipat mula sa pangmaramihang "mga utos" (v22) patungo sa pang-isahang **utos**. Ang panalanging tinugon (cf v22) ay masusumpungan ang kaniyang basehan sa pundamental na pagsunod sa *utos* na ito.

Ang *utos* ay may dalawang aspeto. Ang una sa mga ito ay **manampalataya tayo sa pangalan ng Kaniyang Anak na si Jesucristo**. Kinakabit ni Juan ang pananampalataya at pag-ibig bilang isang utos para sa mga Cristiano. Ang pananampalataya sa *pangalan ng Kaniyang Anak na si Jesucristo* ay nagbibigay ng buhay sa lahat ng mga mananampalataya at minamasdan ang ibang mga mananampalataya bilang mga kapatid na lalaki at kapatid na babae. Ang ugnayang ito ay nagbibigay sa kanila ng tamang layon ng pag-ibig nang sila ay sabihang **at tayo'y mangagibigan**. Ang *pananampalataya sa pangalan ng Anak* ng Diyos ay ang paunang hinihingi at esensiyal na bahagi ng pag-ibig *sa isa't isa*.

Ang nagtatapos na mga salita ng sitas, **ayon sa ibinigay Niyang utos sa atin**, ay tumutukoy kay Jesus kung saan direktang nagmula ang utos na ibigin ang isa't isa (Juan 13:24). Ang sitas ay dapat basahin na, *na tayo ay manampalataya sa pangalan ng Kaniyang* [ang Diyos] *Anak na si Jesucristo at ibigin ang isa't isa gaya ng Kaniyang* [Ang Kaniyang Anak] *binigay na utos*. Kung ganuon, ang kalooban ng Diyos ay malalagom bilang pananampalataya sa *pangalan ng Kaniyang Anak* at pagsunod sa *utos ng Kaniyang Anak*.

### *D. Sa Pagkatutong Makita ang Diyos ng Pag-ibig (3:21-4:16)*

#### 1. Inapirma ang Pananahan ng Diyos (3:24)

3:24. Ang **taong tumutupad ng Kaniyang mga utos ay mananahan sa Kaniya** at bilang karagdagan, **Siya** ay mananahan **sa kaniya** (ang masunuring mananampalataya). Ang masunuring mananampalataya ay may

Diyos na “nananahan” sa kaniya (cf Juan 14:23). Ang ganitong karanasan kasama ng Diyos ang pinakamataas na anyo ng *pakikisama* sa Diyos, na dineklara ni Juan mula pa sa pasimula bilang layon ng kaniyang epistula (cf 1:3).

Bagama’t ang **Espiritu** ay tinukoy na sa designasyong “ang pagpahid,” dito espisipiko na Siyang binanggit. Kung ang Diyos ay talagang **nananahan sa atin**, ito ay malalaman sa **pamamagitan ng Espiritu na kaniyang ibinigay sa atin**.

2. Kinilala ang Espiritu ng Diyos (4:1-6)

4:1. Si Satanas ay maraming **espiritung** naglilingkod sa kaniya rito, gaya nang pinapakita ng katotohanang **maraming nagsilitaw na mga bulaang propeta sa sanglibutan**.

Sa v1-2, tila umaasa si Juan sa malawak na kahulugan ng terminong **espiritu**. Ang salita mismo ay maaaring pantukoy sa espiritu ng tao, sa mga supernatural na espiritu gaya ng mga demonyo, o sa saloobin o disposisyun. Hindi sinisikap ni Juan na maging espisipiko; nagbababala siya laban sa *lahat* na *masamang* espiritu ni Satanas, sa *lahat* na *espiritu* ng taong kaniyang naging ahente, at gayon din sa *lahat* na manipestasyon ng “espiritu ng kamaliang” (cf v6) naglalarawan sa mga satanikong doktrina.

Ang *mga bulaang propeta* ay dapat subukin “sa kanilang bunga” (cf Mat 7:16-20). Salungat sa popyular na interpretasyon, ito ay *hindi* nangangahulugang subukin sila sa pamamagitan ng kanilang mga *gawa*. Sa halip, gaya ng pinapatunayan ng 12:33-37, ang kanilang mga bunga ay ang kanilang *mga salita*! Sila ay *mukhang* tupa samantalang sa katotohanan sila ay “mga lobong maninila” (7:15). Ang kanilang *gawi*, ay hindi naghihiwalay sa kanila sa mga tupa pero ang *mensahe* ay oo!

4:2. Ang pagsubok na maaaring gamitin sa bawa’t **espiritu** ay ang kahandaan o hindi (cf v3) nitong ipahayag na si **Jesucristo** ay naparitong nasa laman. Ang mga salitang **dito’y nakikilala ninyo** ay tumutukoy pabalik at nangangahulugang, “Sa ganitong paraan (ie, sa pagsubok sa mga espiritu) natin nalalaman ang Espiritu ng Diyos.” Isang tuldok, sa halip na isang tutuldok, ang dapat na sumusunod sa pahayag, na ang mga salitang *Bawa’t espiritu* ay magsisimula ng bagong pangungusap.

Sa ganitong pagkaunawa ang v2b-3 ay nagbibigay ng pagsubok na gagamitin upang makilala ang Espiritu ng Diyos. Sinasabi ng v1-2a na tanging ang mga handang *subukin* ang mga espiritu ang may kakayahang makilala ang Espiritu *ng Diyos*. Kung “papaniwalaan nila ang bawat espiritu” hindi nila tunay na malalaman kung alin sa mga ito ang tunay na galing sa Diyos.

Ang pagdurugtong ng **Espiritu ng Diyos** sa mga salitang **ang bawa't espiritung nagpapahayag** ay walang dudang may intensiyong ikabit ang *Espiritu* Santo sa bawat *espiritung* nagpapahayag nito.

Ang mas malamang na salin ng pahayag na **si Jesucristo ay naparitong nasa laman ay sa Dios** ay ganito: “Bawat espiritung nagpapahayag kay Jesus *bilang Cristong* naparito sa laman.” Ang pangunahing teolohohikal na alalahanin ni Juan ay si *Jesus* ay makilala bilang *Cristo* (cf 2:22). Maaaring ang mga Revisionista ay nanghahawak sa doktrinang si *Jesus* ay isa lamang na tao at ang dibinong *Cristo* ay ang imkorporiyal at espirituwal na pag-iral na bumaba sa Kaniya sa Kaniyang bautismo, ngunit lumisan sa Kaniya bago Siya mamatay.

4:3. Salungat sa “Bawat espiritung nagpapahayag” kay Cristo ay **ang bawa't espiritung hindi ipinahahayag si Jesus… ay naparito sa laman.** Ang ganitong espiritu ay naglalarawan ng ***espiritu* ng Anticristo**.

*Hindi sinabi* ni Juang *bawat espiritung tumatakwil*, kundi bawat *espiritung hindi nagpapahayag*. Ang mga heretikal na turo ay maaaring pagtakpan ang kaniyang paglisan sa katotohanan sa pamamagitan ng kabiguang iapirma ang ilang pibotal na katotohanang Biblikal.

4:4. Ang mga mambabasa ni Juan ay may lakas espirituwal at may kakayahang matagumpay na labanan ang mga antikristo (cf 2:12-14, 20-21). Ang dahilan at ang mga mambabasa ay nagtagumpay ay ang kanilang pagtataglay ng Espiritu Santong  nasa kanila dahil Siya ay nasa lahat ng mga Cristiano (cf 3:24; Roma 8:9). **Sapagka't lalong dakila Siyang** (Espiritu ng Diyos) **nasa inyo kay sa nasa** (Satanas) **sanglibutan,** ang tagumpay sa panlilinlang ng sanlibutan ay posible.

4:5. Ang mga anticristo, o ang mga Revisionista, ay minamasdan nang may mariing pagkukumpara sa mga mambabasa. Samantalang ang mga mambabasa ay “sa Diyos,” ang mga Revisionista ay **sa sanlibutan** at tumitindig laban sa Kaniya (tingnan ang mga komento sa 2:15-16). **Tungkol sa sanglibutan ang sinasalita nila** dahil ang kanilang mensahe ay makasanlibutan ang laman at perspektibo. Hindi nakapagtatakang **sila'y dinidinig ng sanglibutan**. Ang heterodoksiya ay may mas malaking apela sa mga makasanlibutang tao kaysa sa ortodoksiya.

4:6. Sa v4-6, mayroong tatlong salungatang panghalip, “Kayo-Sila-**Atin**.” Ang “kayo” ay tumutukoy sa mga mambabasa. Ang “sila” ay tumutukoy sa mga Revisionista, ang *Atin* ay tumutukoy sa mga apostol. Sa buong kahulugan ang mga apostol ay **sa Diyos** dahil ang kanilang doktrina ay direktang mula sa Kaniya.

Samakatuwid buong tiwalang masasabi nilang **ang nakakakilala sa Dios ay dumirinig** (“pinapakinggan”) **sa atin**. Gaya nang pinansin sa 2:3 (cf

2:13-14), sa epistulang ito ang konsepto ng "pagkilala" sa Diyos ay nagmumungkahing paglago nang higit pa sa pagkasanggol espirituwal (cf mga komento sa v7). Ang tanda ng isang maturong Cristiano ay ang kahandaang tumugon sa aral apostoliko.

Samakatuwid **ang nakakakilala sa Dios ay dumirinig sa atin; ang hindi sa Dios ay hindi dumirinig** ("pinapakinggan") **sa atin.** Marahil iniisip ni Juan ang sinumang hiwalay sa **Diyos** bilang taong takwil sa apostolikong awtoridad at guro. Ang taong ito ay maaaring mananampalataya o hindi.

Ang mga salitang **Dito'y ating nakikilala** ay maaaring tumutukoy sa mga apostol na siyang paksa ng mga naunang pahayag sa sitas na ito. Ang mga apostol ay may kakayahang **makilala ang ang espiritu ng katotohanan, at ang espiritu ng kamalian** sa pagpapasakop o hindi ng bawat espiritu sa apostolikong katotohanan. Kinondena ni Juan ang mga Revisionista bilang "mga huwad na propetang"  "nasa sanlibutan" (v1-3, 5).

3. Kinilala ang Pananahan ng Diyos (4:7-16)

4:7. Iniwan na ng apostol ang kaniyang pagtalakay ng maraming huwad na mga espiritung "nagsilitaw sa sanlibutan" upang akitin ang mga Cristiano sa makasanlibutang ideya. Ang mga ito ay dapat itakwil upang ang mga mambabasa ay makapokus sa **mangagibigan sa isa't isa**.

Kung susundin ng mga mambabasa ang utos na *ibigin ang isa't isa*, isasagawa nila ang isang gawang nagmumula sa Ama sa langit. Ang dahilan dito ay ang **pag-ibig** mismo **ay sa Diyos**.

Samakatuwid dalawang bagay ang masasabi sa **bawa't umiibig**: (1) ang taong ito ay **ipinanganak ng Diyos** at (2) siya ay **nakakilala sa Diyos**. Tinrato ni Juan ang mga konseptong ito bilang dalawang magkahiwalay na bagay sapagkat sinabi niya sa v8 na "ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Diyos." Madali sanang sabihing, "Ang hindi umiibig ay hindi ipinanganak ng Diyos at hindi kilala ang Diyos" bilang direktang kasalungat ng pahayag sa v7. Ngunit ito ang *hindi niya maaaring sabihin*. Nabanggit na ni Juang ang taong "napopoot sa *kaniyang* kapatid," isang bagay na imposible para sa hindi Cristiano dahil ang Cristiano ay hindi *niya* kapatid (cf 2:11; 3:10b; 3:15; 4:20). Ang mga nagtuturong ang isang Cristiano ay *hindi maaaring* mapoot sa kapwa Cristiano ay nagtuturo ng isang mito.

4:8. Ngunit dahil sa ang isang Cristianong ipinanganak nang muli ay *maaaring* mabigong umibig, kung siya ay **hindi umiibig** ito ay nagpapakitang siya ay hindi **nakakakilala** sa kaniyang Ama sa langit (cf 2:3). Ang **Diyos** na nagpanganak sa kaniya ay **pag-ibig**.

Ito ang ikalawa sa dalawang dakilang apirmasyon ng 1 Juan patungkol sa Diyos. Ang una, sa 1:5, ay nag-aapirmang "Ang Diyos ay liwanag." Ngayon dinedeklara ni Juang *ang Diyos ay pag-ibig*. Ang una ay tumuturo sa

Kaniyang perpektong kabanalan; ang Kaniyang kalayaan mula sa lahat ng kasalanan o pag-aalinlangan. Ang ikalawang pahayag na nag-aapirma ng Kaniyang basikong kalikasan ay nilalarawan ng *pag-ibig*. Hindi ito nangangahulugang ang Diyos ay walang ibang katangian, gaya ng karunungan at katarungan. Ngunit ito ay nagpapahayag na ang *pag-ibig* ay pundamental sa kung ano ang *Diyos* at kung ano ang Kaniyang ginagawa.

4:9. Ang pinakamataas na ekspresyon ng **pagibig ng Dios sa atin** ay ang pag-ibig ng Kaniyang **bugtong na Anak**.

Ang layon ng Diyos sa pagsugo ng Kaniyang bugtong na Anak ay **upang tayo'y mabuhay sa pamamagitan Niya**. Hindi rito hinayag, ngunit malinaw na pahiwatig sa v10, ay ang katotohanang ang **Anak** ng Diyos ay kailangang *mamatay* upang tayo ay *mabuhay*. Samakatuwid ang manipestasyon ng pag-ibig ng Diyos ay may dalawang magkasalungat na karanasan: *kamatayan* para sa Anak ng Diyos, *buhay* para sa mga mananampalataya. Na ito ay pinapahintulot ng Diyos para sa Kaniyang minamahal na Anak **upang tayo’y** magkaroon ng buhay na walang hanggan ay nagpapahayag ng kadakilaan ng **pag-ibig** na ito.

4:10. Ang **pag-ibig** ng Diyos ay hindi tugon sa ating pag-ibig: **hindi sa tayo'y umibig sa Dios, kundi Siya ang umibig sa atin**. Ang pag-ibig ng Diyos ay nagnanais na tugunan ang ating *espirituwal* na pangangailangan: **at sinugo ang Kaniyang Anak na pangpalubagloob sa ating mga kasalanan**. Bagama’t nais ni Juang magmalasakit ang mga mananampalataya sa *pisikal* na pangangailangan ng kapatid (3:17), dapat tayong magmalakasakit din sa kanilang mga *espirituwal* na pangangailangan. Dahil walang sinuman sa sangkatauhan ang hindi abot ng sakripisyal na kamatayan ng Tagapagligtas, wala dapat kapatid na hindi abot ng sakripisyal na pag-ibig ng mananampalataya.

4:11. Ang gamit ng salitang **kung** upang mabuo ang pariralang **tayo'y inibig ng Dios** ay isang alaala ng mga salita ng Juan 3:16, “Sapagkat gayon na lamang (*houtō[s]*) ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan.” Dahil ang Panginoon ang nagsalita ng mga ito sa pakarinig ni Juan nang mga unang taon, walang dudang ang mga ito ay pinahahalagahan ng husto ni Juan at ng kaniyang mga tinuruan. Kaya pinili niya ang alingawngaw ng Juan 3:16 bilang saligan ng kaniyang aral na **nararapat na mangagibigan din naman tayo**.

4:12. Ngayon ang sinabi ni Juan ay tila nakakapagtaka. Ang hindi nakikitang **Diyos**, **Sinoman ay hindi nakakita kailan man sa Dios**, ay nananahan sa mga umiibig sa isa’t isa.

Kapag ang Cristianong pag-ibig, na nakamodelo sa pag-ibig ng Diyos, ay talagang tinutupad ng mga Cristiano, ang Diyos ay “nananahan” sa mga tumutupad nito: **kung tayo'y nangagiibigan, ang Dios ay nananahan sa**

**atin.** Ang hindi nakikitang Diyos, na *walang sinumang nakakita*, ay *aktibong nananahan* sa grupong ito ng mga mananampalataya.

Ganuon din, **ang Kaniyang pagibig ay nagiging sakdal sa** (gitna) nila. Ang ideya ay unang nabanggit sa 2:5. Ang mga salitang Griyego para sa **ay nagiging sakdal** (*teteleiōmenē estin*) ay nasa pormang (aspektong perkpekto) nagmumungkahing ang Kaniyang pag-ibig ay nagbubunga ng Cristianong pag-ibig. Ang *pag-ibig* ng Diyos ay naabot ang layon at narating ang buong sukat *sa mga mananampalataya* kapag ang *pag-ibig* na ito ay nabuo sa kanila at nasasalamin sa kanila sa pamamagitan ng pag-ibig *sa isa't isa*.

4:13. Sa halip na "pagtupad ng Kaniyang mga utos" (3:24), dito "ang pag-ibig sa isa't isa" ang susi sa relasyon ng "pananahang" ito. Ngunit gaya nang makikita sa 3:22-23, ang mga ito ay dalawang mukha ng iisang barya para sa apostol: ang masunuring Cristiano ay *umiibig* at ang maibiging Cristiano ay *masunurin*.

Samantalang sinulat ni Juan sa 3:24 na alam ng mga mananampalataya ang pananahan ng Diyos "sa Espiritung Kaniyang binigay" sa kanila, hinayag naman ng 4:13 na ito ay alam **sapagka't binigyan Niya tayo ng** [lit, "mula sa"] **Kaniyang Espiritu**. Samakatuwid, ang mga mananampalataya ay *nakikibahagi sa kaparehong Espiritung* taglay ng Diyos. Nangangahulugan itong sila ay nakikibahagi sa "espiritu ng pag-ibig" na walang iba kundi ang Kaniyang Espiritu, sapagkat ang "Diyos ay Espiritu."

4:14. Walang sitas sa 1 Juan ang pinakakritikal sa pagkaunawa ng epistula kaysa rito. Ang inisyal na pahayag, **At nakita natin at sinasaksihan na sinugo ng Ama ang Anak**, ay nagmumungkahi ng karanasang apostolikong kapareho ng 1:2.

Ang *natin* ay hindi ang "apostolikong namin" gaya ng 2:19; 3:14; at 4:6. Sa lahat ng mga lugar na ito may malapit na "kayong" kasalungat (cf 1:2-4; 2:20; 3:13; 4:14) na hindi masumpungan dito. Sa 4:7-14 kabilang sa paksang *natin* ang mga mambabasa kasama ng mga apostol (v7, 9, 10-13).

Ang Griyegong salitang *kai* (*At*) ay maaaring kunin sa kaniyang kilalang diwa na "At dahil dito." Ang sitas ay maaaring maisaling, "*At dahil dito*, kapag tayo ay umibig kagaya nito, *tayo* (ang mga mambabasa at mga apostol) ay *nakasaksi* ng realidad. Sa pag-ibig sa isa't isa, ang mga mambabasa ay maaaring *magkaroon ng pakikisama* sa mga apostol sa *nasaksihan* ng mga apostol, (gaya ng pangako ng prologo; 1:3a). At ito ay walang iba kundi ang *pakikisama sa Ama at sa Kaniyang Anak na si Jesucristo* (1:3b).

Sa 3:24-4:13 tinuro ni Juan na ang pag-ibig ay nagpapakita ng presensiya ng nananahang Diyos at tayo ay nakikibahagi sa Kaniyang pag-ibig. Dahil sa ang manipestasyon ng Cristianong pag-ibig ay walang iba kundi ang manipestasyon ng *buhay na walang hanggan* sa gitna ng maibiging Cristianong pakikisama, ang mga nagpapakita ng *buhay* na ito ay mga *buhay*

*na saksi* sa realidad na **ang Anak** ay tunay na **Tagapagligtas ng sanglibutan** (cf Juan 13:35).

Ang nakikitang manipestasyon ng *buhay na walang hanggan* sa pamamagitan ng Cristianong pag-ibig ay isang epektibong *saksi* tungkol sa pagiging Tagapagligtas ni Cristo. Ang "pagkakitang" ito ay isang "pagkakita" ng pananampalatayang hinayag sa pagpahayag na si *Jesus* ang *Tagapagligtas* ng sanlibutan.

4:15. "Ang pakikisama" ay sa mga apostol sa kanilang "nakita" (v14). Ngunit ang mga mambabasa ay dapat ding magkaroon ng "pakikisama" sa "narinig" ng mga apostol (cf 1:3). Ang "naririnig" ng mga mambabasa sa gitna ng maibiging Cristianong komunidad ay walang iba kundi ang pagpahayag na **si Jesus ay ang Anak ng Diyos**.

Ang mga salita ni Juan Bautista na kaniyang *nakita at pinatotohanan* (Juan 1:32-34) ay sumasalamin sa pananalita ng nakaraang sitas (*nakita natin at nasaksihan*) samantalang ang mga salita ni Bautistang *ito ang Anak ng Diyos* ay sumasalamin sa kasalukuyang sitas. Samakatuwid, ang "patotoong" nabanggit sa v14 ay hindi dapat limitahan sa nakikitang manipestasyon ng buhay na walang hanggan sa anyo ng Cristianong pag-ibig, bagamat ito ay bahagi nito. Ngunit iniisip ni Juan ang isang kontekstong kongregasyonal kung saan mayroon ding regular na pagpapahayag na si *Jesus* ay *Anak* ng Diyos.

Ang nasa isip ni Juan ay ang nakikitang manipestasyon ng Cristinaong pag-ibig, na may kasamang pagpapahayag kay **Jesus** at nakikita sa *nakita* mismo ng mga apostol kay Jesus at kanilang *narinig* tungkol sa Kaniya mula sa Kaniyang tagapanguna, si Juan Bautista. Ang layon ng apostol Juan sa pangunguna sa kaniyang mambabasa sa ganitong uri ng pakikisama sa sirkulong apostoliko (1:1-3) ay naituro na.

Bukod diyan, ang layon ng pagtamo ng nananahang relasyon sa Diyos ay naabot dahil **ang Diyos ay nananahan** sa sinumang nagpapahayag na si Jesus ang Anak ng Diyos, **at Siya'y sa Diyos**. Ang pagpahayag na ito ay sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos na sa pamamagitan Niya ay nalaman at nakilala ang pananahan ng Diyos (cf v13).

Kapag si Jesus ay pinahayag bilang *Anak ng Diyos*, Siya ay pinapahayag bilang "*Cristo* na naparitong nasa laman" (cf 4:2) at Tagagarantiya ng buhay na walang hanggan at resureksiyon sa hinaharap sa bawat mananampalataya.

Posible para sa Cristianong komunidad na makilala ang realidad na ang Diyos ay "nananahan" sa kanila kung (1) iniibig nila ang isa't isa at (2) pinahayag nilang *si Jesus ay Anak ng Diyos*. Ang komunidad na ito ay nag-iingat ng "Kaniyang utos" (3:23).

4:16. Ang v16 ay paralel sa gramar at tema sa v14. Malinaw na nais ng may-akda na ang dalawang sitas ay magpakita ng resulta ng karanasan ng komunidad ng pag-ibig na kaniyang tinatalakay. Ngunit sa pagitan ng

dalawang sitas, tinuro ni Juan ang papel na ginagampanan ng pagpahayag kay Jesus (v15) bilang karagdagang tanda na ang Diyos ay nananahan sa mga miyembro ng isang maibiging Cristianong komunidad. Samakatuwid kapag ang mga mananampalataya sa isang simbahan ay nagtatamasa ng karanasang kagaya nito, nahaharap sila sa realidad ng **pag-ibig ng Diyos** sa kanila. Ang pahayag na *nananahan sa Diyos at ang Diyos* [ay nananahan] *sa kaniya* ay bumubuo ng isang *inclusio* sa pahayag na "nananahan sa Kaniya at Siya sa kaniya" sa 3:24.

### *E. May Pagkakatiwala sa Harap ng Hukuman (4:17-19)*

4:17. Ang pag-ibig ng Diyos ay **naging sakdal** lamang sa isang Cristianong nagbabahagi nito sa iba. Isa pang aspeto ng pagsasakdal nito ay **magkaroon ng pagkakatiwala sa araw ng paghuhukom**. Ito ay bumabalik sa 2:28 at sa konsepto ng "pagkakatiwala sa Kaniyang pagdating." Ang salitang sinaling "pagkakatiwala" doon at ang *pagkakatiwala* dito ay kumakatawan sa parehong salitang Griyego (*parrēsia*). Ito ay hindi paghuhukom para madetermina ng mga ligtas kung ang kanilang kapalaran ay sa langit o impiyerno, dahil iyan ay tapos na (cf Juan 5:24; Roma 8:31-34). Ngunit ang mga Cristiano ay magbibigay sulit ng kanilang Cristianong pamumuhay sa Hukuman ni Cristo (Roma 14:10-12; 2 Cor 5:10-11).

Ang ideya ng pagkakaroon ng *pagkakatiwala sa araw ng paghuhukom* ay nakakahanga. Ang mga rasonableng Cristiano, kahit pa ganap na may katiyakan ng kanilang kaligtasan, ay natatanto ang "pagkatakot sa Panginoon" (2 Cor 5:11). Ang posibilidad ng pagtatagumpay sa "pagkatakot" na ito ay sadyang mapaghamon. Ngunit ito ay posibilidad sa mga mananampalatayang "nananahan sa pag-ibig" (1 Juan 4:16).

Ang dahilan kung bakit ang taong "nananahan sa pag-ibig" ay makakaasa ng *pagkakatiwala* sa Hukuman ni Cristo ay **sapagka't kung ano Siya, ay gayon din naman tayo sa sanglibutang ito**. Dahil sa "ang Diyos ay Pag-ibig" (4:8, 16), ang taong umiibig ay *gaya Niya*, kahit pa ang maibiging Cristiano ay *nasa sanlibutang ito*.

4:18. Ang karanasan ng **takot** at **sakdal na pag-ibig** ay hindi bagay. Kung ang Cristiano ay **pinasasakdal sa pagibig**, hindi niya kailangang matakot sa Hukuman.

Sa *sakdal na pag-ibig*, hindi pinakahuhulugan ng manunulat bilang walang kasalanan (cf 1:8). Ang salitang sinaling "sakdal" (*teleios*) ay mula sa kaparehong ugat ng pandiwang sinaling *pinasasakdal* (*teteleiōtai*), isang pandiwang ginamit din sa 2:5; 4:12, 17. Dito, gaya ng mga lugar na ito, ang konsepto ay isang maturong *pag-ibig* na narating ang layon o obhetibo (tingnan ang mga komento sa 2:5). Ang punto ni Juan ay kapag narating ng

*pag-ibig* ng Diyos sa mga mananampalataya ang layon nito sa kanila, sa paggawa sa kanila bilang mga daluyan ng *pag-ibig* na ito sa bawat isa, ang karanasang ito ay **nagpapalayas ng takot**.

Subalit, ang suwail na Cristiano ay makararanas ng disiplina ng Diyos, dahil ang karanasan ng **takot ay may kaparusahan** (*kolasis*, "parusa"). Marahil nasa isip ni Juan ang katotohanang *"Sapagka't pinarurusahan ng Panginoon ang kaniyang iniibig, At hinahampas ang bawa't tinatanggap na anak"* (Heb 12:6). Sa katotohanan, ang katotohanang ito ng BT ay nasumpungan sa labi ng Panginoong Jesus sa Pah 3:19, "Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinarurusahan."

Kung ang Cristiano ay nakararanas ng *takot* habang nag-aabang ng ebalwasyon sa Hukuman, ang *takot* na ito ay maituturing na *kaparusahang* ang intensiyon ay gisingin siya sa kaniyang pangangailangang maitama ang kaniyang gawi. Hindi man ito nakatutuwa, gaya ng lahat ng dibinong disiplina (Heb 12:11), ito ay palatandaan ng pag-ibig ng Diyos at ng Kaniyang pagnanais na makita ang mga mananampalatayang *pinasasakdal sa pag-ibig*. Kung ang Cristiano ay tumugon sa ganitong uri ng disiplina, ang disipina ay epektibo "at nagbubunga ng mapayapang bunga ng katuwiran" (Heb 12:11), na para kay Juan ay hindi maihihiwalay sa *pag-ibig*.

4:19. Patungkol sa pag-ibig ng isang Cristiano, ang binanggit pa lang ni Juan hanggang ngayon ay ang pag-ibig na nakatuon sa ibang Cristiano (isa't isa). Subalit, dito, sa unang pagkakataon, nagbanggit siya sa epistula ng pag-ibig sa *Diyos*. (Dapat pansining sa mga istandard na kritikal na edisyon ng Griyegong BT inalis ang *sa Kaniya* at ganuon din ang mga saling nakabase sa mga ito [hal JB, NASB, NIV, atbp]. Ito ay nakalulungkot dahil ang reperensiya sa pag-ibig sa Diyos ay mahalaga rito; tingnan ang v20.

Ang **pag-ibig** ng isang tao sa Diyos ay nagmumula sa Kaniyang pag-ibig sa mga mananampalataya (v19-20). Kaya kung ang mga mananampalataya ay umiibig sa isa't isa at *umiibig* din sa Diyos, mayroon lamang isang dahilan. Ito ay dahil **Siya'y unang umibig sa atin**.

## V. Konklusiyon: Matutong Mamuhay Nang Masunurin (4:20-5:17)

### *A. Ano ang Ibig Sabihin Ng Ibigin ang Kapatid (4:20-5:3a)*

4:20. Sa isang Cristiano tila mas madali ang **umibig sa Dios na hindi niya nakita** kaysa sa **kaniyang kapatid na kaniyang nakita**. Samantalang ang Diyos ay nararapat lamang ng pag-ibig ng isang Cristiano, ang isang kapatid ay malimit hindi. Ngunit para kay Juan, ang pag-ibig ay *hindi* salitang emosyonal. Para kay Juan, "ang umibig" ay ang gumawi sa paraang tutugon sa pangangailangan ng kapwa Cristiano (tingnan ang 3:16-18). Sa kanilang mga *aksiyon*, at hindi sa kanilang *pakiramdam*, sinuri ni Juan ang realidad ng

pag-ibig ng isang mananampalataya sa isa't isa; sila ay dapat umibig "sa gawa" at kung ganuon "sa katotohanan."

Dahil sa ang *aksiyon*, at hindi *emosyon*, ang kritikal na isyu sa Cristianong pag-ibig, malinaw na walang aktuwal na basikong pagkakaiba sa pagpapahayag ng pag-ibig sa Diyos at ang pag-ibig sa isang kapatid na Cristiano, dahil ang sukatan ng pag-ibig ng isang tao para sa *Kaniya* ay pagsunod sa Kaniyang mga utos (tingnan ang 4:19). Kung ang isang Cristiano ay hindi sumusunod sa Kaniyang mga utos, hindi niya Siya iniibig, anuman ang kaniyang sinasabi o nararamdaman. Samakatuwid, ang taong nagsasabing, "**Ako'y umiibig sa Dios**," ngunit hindi sumusunod sa utos ng Diyos na *ibigin ang kaniyang kapatid*, ay **isang sinungaling**.

4:21. Hinayag na ngayon ni Juan ang koneksiyon sa pagitan ng pag-ibig sa *Diyos* at pag-ibig sa kaniyang *kapatid*. Ang dalawang ito ay bahagi ng iisang **utos**. Ang utos ay hinayag sa paraang ang presensiya ng isang uri ng pag-ibig ay nangangailangan ng presensiya ng isa.

5:1. Ang paghahati ng kabanata ay nakalulungkot dahil tinutuloy ni Juan ang talakayang sinimulan sa kabanata 4. Ang depinisyon ni Juan ng isang Cristianong kapatid ay simple at direkta. **Ang sinomang nananampalataya na si Jesus ay siyang Cristo ay ipinanganak ng Dios**. Dito sinariwa ni Juan ang paksang pahayag ng kaniyang Evangelio (Juan 20:31). Wala nang ibang paraan si Juan sa pagdepina ng isang Cristiano.

Namumuhay man o hindi ang isang Cristianong kapatid nang ayon sa kaniyang Cristianong pananampalataya ay hindi mahalaga. Ang dahilan sa pag-ibig sa kapwa Cristiano ay walang kinalaman sa kaniyang gawa. Ang totoong dahilan ay hinayag na ng apostol: **at ang bawa't umiibig sa nanganak ay umiibig din naman sa ipinanganak niyaon**. Inibig ng mga mananampalataya ang iba dahil iniibig nila ang Ama ng mga anak na ito! Kung *hindi nila iniibig* ang anak, isang kasinungalingang sabihing iniibig nila ang Ama (4:20).

5:2. Ginawang eksplisit ng apostol ang implisit sa 4:20-5:1. Kung nais ng isang taong malaman (**nakikilala**) kung talagang iniibig niya **ang mga anak ng Diyos**, ito ay mabeberipika kung siya'y **nagsisisibig sa Diyos at tinutupad ang Kaniyang mga utos**.

Ang pagtupad sa *Kaniyang mga utos* ay ang paraan upang maipakita ng mananamapalatayang iniibig niya ang kaniyang kapatid, dahil ang pag-ibig sa mga kapatid ay isa sa *mga utos* na ito.

Ang bagong perspektibong ito ay marahang nagpapakilala ng bagong kaisipan. Hindi si Juan nagbabanggit ng isang kautusan lamang (gaya ng ginawa niya sa 3:23 at 4:21), kundi ng pag-iingat ng *mga kautusan* ng Diyos (pangmaramihan). Hindi lamang ang pagsunod ng isang tao sa espisipikong utos na ibigin ang ating kapatid ang nagpapakita ng pag-ibig. Sa halip, ang

pagsunod sa lahat ng mga inutos ng Diyos ang nagpapatunay na *iniibig natin ang mga anak ng Diyos*.

5:3a. Hindi nakapagtatakang pinipilit ni Juang **ang pagibig sa Dios** ay isyu patungkol sa **tuparin ang Kaniyang mga utos**. Ang salin ng NKJV na ang *pag-ibig ng Diyos* ay hindi tumutukoy sa *pag-ibig* ng Diyos para sa mga mananampalataya (ito ay subjective genitive). Sa halip ang parirala ay tumutukoy sa *ating pag-ibig* para sa Diyos (objective genitive, tingnan ang v2), na binubuo ng pagtupad sa *Kaniyang mga utos*.

*B. Ano ang Tunay na Nagbibigay Kapangyarihan sa Ating Pag-ibig (5:3b-15)*

5:3b-4. Sa NKJV, ang pantapos na mga pananalita ng v3 ay ginawang isang buong pangungusap. Ngunit ito ay hindi tamang representasyon ng Griyego dahil ang v4 ay nagsisimula sa Griyegong subordinating conjunction na *hoti* (“dahil,” **Sapagkat**). Mas maiging basahin ang v3-4a sa ganitong paraan: **At ang kaniyang mga utos ay hindi mabibigat. Sapagka't ang sinomang ipinanganak ng Dios ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makatuwid ay ang ating pananampalataya**.

Ang dahilan kung bakit ang mga utos ng Diyos ay *hindi mabibigat* ay dahil sa *ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay dumadaig sa sanlibutan*. Dahil tinatakwil ng mga anticristong “si Jesus ang Cristo” (2:2), isang malaking tagumpay ang paniwalaan ang katotohanang ito at maipanganak na muli. Ang inisyal na tagumpay na ito ay hindi *gumagarantiya* ng sumusunod na tagumpay sa Cristianong pamumuhay. Sa halip, ang tagumpay na natamo sa pamamagitan ng bagong kapanganakan ay ginagawang naaabot na layon ang pagsunod sa mga utos ng Diyos.

5:5. Ang mga Griyegong konstruksiyon ditong sinaling ang sinumang magtagumpay (*ho nikōn*) at **ang ating pananampalataya** (*ho pisteuōn*) ay mga present participles na pinauunahan ng Griyegong artikulo. Ang Griyegong konstruksiyon na ito ay hiwalay sa oras at naglalarawan ng isang indibidwal (o mga indibidwal) sa pamamagitan ng ilang gawa o mga gawang kaniya (o kanilang) ginawa. Ang mga pahayag na ito ay may pinakamalapit na paghahambing sa mga Ingles na pangngalang (madalas ay nagtatapos sa -er) na nagpapahayag ng naganap at/o nagpapatuloy na kilos. Halimbawa, “Siya ay mamamatay-tao (murderer).” Sa kasong ito ang tao ay maaaring ilarawan sa ganitong paraan base sa isang sandali ng pagpatay o dahil maraming halimbawa ng ganitong gawain.

Kung ganuon sinasabi ni Juang “ang mananagumpay sa sanlibutan” ay kapareho ng “mananampalataya kay Jesucristo, ang Anak ng Diyos.” Gaya nang nilinaw ng pangnakaraang aspeto ng v4 (“dumadaig”) *ito ay totoo na*.

Ngunit dahil sa tinatalakay ni Juan ang katotohanang ang pagtupad sa mga utos ng Diyos ay hindi “mabibigat” (v3b) ang implikasyon ay ang ganitong tagumpay ay maaaring magpatuloy at ang susi rito ay ang *pananampalataya*! Kung paanong ang Cristianong pamumuhay ay *nagsimula* sa sandali ng nagliligtas na pananampalataya kay Cristo, ganuon din naman ang buhay na ito ay *isinasabuhay* sa pamamagitan ng pananampalataya sa Kaniya.

Ang implikasyong ito ay idedebelop kalaunan ni Juan (1 Juan 4:12-13), ngunit sa ngayon tumigil siya upang linawin ang isang puntong may kaugnayan sa pananampalatayang itong malinaw na hinahamon ng mga Revisionista.

5:6. Si Cerinthus, ng Asia Minor, ay nagturong si Jesus ay isa lamang tao at ang dibinong Cristo ay bumaba sa Kaniya sa Kaniyang bautismo at iniwan Siya sa krus. Samakatuwid, tanging ang taong si Jesus, at hindi ang dibinong Cristo, ang namatay at bumangong uli. Nilarawan ng mga sinaunang literaturang Cristiano si Cerinthus bilang pangunahing kalaban ni Juan. Ang reprensiyang ito sa **tubig** ay reperensiya sa *bautismo* ni Jesus, samantalang ang reperensiya sa **dugo** ay reperensiya sa Kaniyang *kamatayan*.

Ang bautismo ni Jesus ay ang pormal na pagpapakilala sa Kaniya bilang ang mesiyanikong Tagapagligtas, samakatuwid, ay ang **Cristo**.

Ang mga salitang **ang Espiritu ang nagpapatotoo** ay isang malinaw na larawan ng papel ng Espiritu Santo sa bautismo ni Jesus (Ang Ama ay nagpapatotoo rin sa pamamagitan ng pagsasalita mula sa langit; Mat 3:17.) Marahil binabaluktot ng mga Revisionista ang bautismo sa pamamagitan ng paglalarawan sa *Espiritu* bilang “ang dibinong Cristong” bumaba sa taong Jesus nang panahong iyon, at lumisan sa Kaniya nang Siya ay mamatay sa krus. Ang mga salita ni Juan ay nagtatama ng misrepresentasyon ng papel ng Espiritu Santo sa Kaniyang kaugnayan sa pagka-Mesiyas ni Jesus. Ang *Espiritu* ay isang saksi, ngunit Siya ay nananatiling hiwalay na Persona, at hindi dapat ipagkamali bilang *Cristo*.

Bukod diyan, ang patotoo ng Espiritu ay mapagkakatiwalaan **sapagka't ang Espiritu ay katotohanan**. *Ang Espiritu* ay masasabing katotohanan sa parehong diwang ang “Diyos ay pag-ibig” (cf 4:8). Ang kalikasan mismo at ang katangian ng *Espiritu* ay katotohanan at dahil doon ang Kaniyang patotoo ay mapagkakatiwalaan.

Sa liwanag ng sitas na ito, maaaring mahulaan kung ano ang teolohiya ng mga Revisionista. Inangkin nilang si Jesus ay *hindi* Cristo (2:22), at posibleng tinuturing nila ang “Cristo” bilang isang espirituwal na nilalang (ang Espiritu?) na bumaba sa taong si Jesus sa Kaniyang bautismo ngunit iniwan Siya upang mamatay na mag-isa. Samakatuwid, ang gawa ng krus ay hindi isang sakripisyong inalay ng Anak ng Diyos, kundi ang kamatayan ng isang hamak na tao. Samakatuwid, ang kamatayan ni Jesus ay walang nagliligtas na halaga.

Kung ganuon ang mga nanampalatayang si Jesus ang Cristo ay nanampalataya sa kabulaanan. Sila ay hindi ipinanganak ng Diyos, gaya nang tinuro ng mga apostol (cf 5:1).

Ito ay isang seryosong hamon sa Cristianismo. Kung ang pananaw ng mga Revisionista ay si Jesus ay hindi Anak ng Diyos (cf v5), kung ganuon walang tagumpay laban sa sanlibutan sa pamamagitan ng pananampalataya (cf v4-5). Wala ring pag-asa ng nagpapatuloy na tagumpay laban sa sanlibutan.

5:7-8. Ang mga salita ng sitas na ito ay bantog dahil sila ay unang ipinakilala sa isang maagang limbag na edisyon ng Griyegong BT ni Erasmus. Sila ay naging bahagi ng KJV. Ngunit hindi sila masumpungan sa napakaraming natitirang manuskritong Griyego ng 1 Juan.

*Sila ay mababasang gaya ng sumusunod: "At ang Espiritu ang nagpapatotoo, sapagkat ang Espiritu ang katotohanan- sapagkat may tatlong nagpapatotoo: ang Espiritu, ang tubig, at ang dugo; at ang tatlong ito ay nagkakaisa.*

Inapirma ni Juang ang Espiritu *ay* mapagkakatiwalaan- Siya ay katotohanan- at ito ay *dahil* ang Kaniyang patotoo ay sumusunod sa Biblikal na batas ng beripikasyong humihingi ng dalawa o tatlong saksi (cf Deut 17:6; 19:15; Mat 18:16; Juan 8:17-18).

Ang bautismo at kamatayan ni Jesus ay pinatotohanang matibay, na masasabing sila ay **nagpapatoo** kasama ng **Espiritu** at ganap na ayon sa Kaniya: **at ang tatlo ay nagkakaisa**. Sa likod ng mga salita ni Juan ay ang katotohanang sa bautismo, ang Diyos ay naghayag, "Ito ang Aking Sinisintang Anak, na sa Kaniya ako ay lubos na nasisiyahan" (Mat 3:17). Si Juan Bautista ay personal na "nagpatotoo" sa kaganapang ito (cf Juan 1:32-34). Bukod diyan, ang krusipiksiyon ay pinatotohanan ng Kasulatan (cf 13:!8; 19:24, 28, 36, 37) at pinatotohanan ng mga saksing apostoliko (19:35; 21:24, pansinin ang mga salitang "nalalaman *natin*"). Samakatuwid, ang **tubig** at ang **dugo** ay pinatotohanan sa kanilang mga sariling katuwiran, ng dibinong patotoo at ng mga saksi.

5:9. Ang sitas na ito ay lumilingon sa testimonyong inespisipika sa v7-8 at tumitingin sa unahan sa patotoo ng Diyos na nahayag sa v11-12. Sinasabi ng mga itong kung sila ay tumatanggap ng patotoo ng tao bilang totoo, ang **patotoo ng Dios** ay mas lalong dapat tanggapin dahil ito ay **lalong dakila** at mas karapat-dapat tanggapin.

Ang mga salitang **Kung tinatanggap natin ang patotoo ng mga tao**, ay maaaring tumutukoy sa pangangailangan ng dalawa o tatlong saksi upang ang pahayag ay tanggaping balido (v7-8).

Nag-aangkin si Juang **may patotoo na ibinigay ng Dios tungkol sa kaniyang Anak**. Ang mga salitang sumunod sa v11-12 ay nagpapakitang ang

testimonyong ito ay mula sa mga salitang binanggit ni Jesus sa pakinig ng Kaniyang mga apostol.

5:10. Ang sitas na ito ay marahil nasa parentesis. Ang mga ito ay maiikling komento bago ang "patotoo ng Diyos" ay aktuwal na hinayag sa v11. May pagkukumpara si Juan sa pagitan ng mga mananampalataya at hindi paniniwala sa **patotoo** tungkol sa Anak ng Diyos.

Ang pariralang **nananampalataya sa** (*pisteueō eis*) ay sumasalamin sa ekspresyong madalas gamitin sa Ikaapat na Evangelio (cf Juan 1:12; 2:11, 23; 3:15-16, 18, 36). "Ang nananampalataya *kay*" Jesus ay kapareho ng ideya ng "pananampalatayang *si* (*hoti*) Jesus ay ang Cristo" (Juan 11:27; 20:31; cf 8:24; 13:19). Alin man sa dalawang Griyegong konstruksiyon ay nagpapahayag ng pamamaraan kung paano matanggap ang buhay na walang hanggan (cf 20:30-31 at Juan 3:15-16, 18, atbp, cf 1 Juan 5:1).

Ang taong nanampalataya ay may **patotoo sa kaniyang sarili**, samakatuwid ang patotoo ng Diyos sa Kaniyang Anak, ay naging katotohanan sa taong *nanampalataya* **sa Anak ng Diyos**.

Sa kabaligtaran, ang taong **hindi nananampalataya sa Dios** (ie, hindi naniniwala *sa patotoo ng Diyos na binigay Niya sa Kaniyang Anak*) ay ginagawang **sinungaling** ang Diyos. Ang mga taong kagaya ito ay nagsasabing ang *patotoo* ng Diyos ay kabulaanan.

Wala ritong anumang may kinalaman sa "pananampalataya sa isipan" o "pananampalataya sa puso" o pagkakaroon ng panloob na pananampalataya sa halip na simpleng pagsang-ayong intelektuwal. Hindi ginagawang kumplikado ng Biblia ang pananampalataya. Sa sandaling maunawaan ng isang tao ang mensahe, ang isyu ay nananampalataya ba ang tao rito o hindi?

5:11-12. Ang mga salitang **At ito ang patotoo** ay tumatakip sa parehong sitas, na kapag pinagsama, ay nagpapahayag ng patotoo ng Diyos sa **Kaniyang Anak**. Ang *patotoo* ng Diyos ay binubuo ng dalawang magkahalintulad na apirmasyon. Ang una ay kung ano ang binigay ng Diyos (v11) at ang ikalawa ay ang ekslusibong katangian ng binigay na ito (v12).

Ayon sa dibinong *patotoo* **tayo'y binigyan ng Dios ng buhay na walang hanggan**. Samakatuwid, **ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay** at **ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Dios ay hindi kinaroroonan ng buhay**.

Tila kinukuwestiyon ng mga Revisionista ang pananampalataya ng mga mambabasang sila ay may taglay na *buhay na walang hanggan* (cf 2:25). At dahil tinatanggi rin ng mga Revisionistang si Jesus ay ang Cristo (ccf 2:22), inaapirma rin nilang walang *buhay na walang hanggan* kay Jesus. Sa mata ng mga Revisionista, ang mga mambabasa ni Juan ay wala talagang taglay na ganitong buhay. Kinontra ito ni Juang na ginigiit na siya at ang kaniyang mga mambabasa *ay mayroong* buhay na walang hanggan sapagkat binigay ito ng Diyos sa kanila *sa Kaniyang Anak* at ang buhay na ito ay masusumpungan *sa*

Kaniya at wala nang iba. Kung ang isang tao ay walang Anak, ang taong ito ay wala ng buhay na ito.

Ang dahilan kung bakit si Juan ay nagbabanggit ng "patotoo na ibinigay ng Dios tungkol sa kaniyang Anak" (v6-12) ay upang bigyang katiyakan ang mga mambabasang sila ay may *buhay na walang hanggan* at upang magkaroon sila ng nagpapatuloy na pananampalataya sa Kaniyang pangalan.

5:13. Ang mga salitang **Ang mga bagay na ito** ay tumutukoy hindi sa buong epistula kundi sa v6-12. Ang malapitang reperensiyang ito ay ayon sa estilo ni Juan sa ibang bahagi ng sulat. Ang mga salitang "ang mga bagay na ito ay aming isinusulat," (1:4) ay tumutukoy sa nabanggit pa lamang sa v1-3. Sa 2:1, ang pahayag na "ang mga bagay na ito ay isinusulat ko sa inyo upang kayo'y huwag mangagkasala," (1:4) ay tumutukoy sa pagtalakay patungkol sa kasalanan sa 1:5-10. Ang mga salita ng 2:26, "isinulat ko sa inyo ang mga bagay na ito tungkol sa mga may ibig na magligaw sa inyo," ay tumutukoy sa naunang talakayan tungkol sa mga anticristo sa 2:18-25.

Lahat ng mananampalataya ay *alam* sa sandali ng nagliligtas na pananampalatayang sila ay may **buhay na walang hanggan**, sapagkat ang mga pangakong kaniyang sinampalatayahan ay ginagarantiyahan ito (cf 1 Juan 11:25-26). Ngunit ang mananampalataya ay hindi malaya sa pagdadalawang-isip matapos siyang maligtas (cf Juan Bautista; Lukas 7:18-19). Ang gamot sa mga pagdadalawang-isip na gaya nito ay palagian na ang mga pangako ng Diyos. Ang mga pangakong ito ay maaaring balik-balikan nang paulit-ulit bilang pinagmumulan ng katiyakan. Walang aklat ng Biblia ang naglalaman ng diretsong mga garantiya katulad ng masusumpungan sa Evangelio ni Juan mismo (Juan 3:16, 18, 36; 5:24; 6:35-40, 47; atbp). Pinapaalala ng 1 Juan 5:11-12 sa mga mambabasa ang patotoo ng Diyos na kanilang sinampalatayahan.

Dahil sa ang mga mananampalatayang kaniyang sinulatan ay nanampalataya, *sa pangalan ng Anak ng Diyos* (na ang pagkakakilanlan ay pinatotohanan ng "Espiritu, ng tubig at ng dugo," (v8), sila ay dapat mamahinga nang may kasiguruhan sa patotoong binigay ng Diyos patungkol sa at sa pamamagitan ng Kaniyang Anak. Ang patotoong ito ay tumitiyak sa mga mananampalatayang sila ay *may buhay na walang hanggan*.

Lahat ng tunay na katiyakan ng kaligtasan at *buhay na walang hanggan* ay dapat nakasalig sa "patotoo ng Diyos," sapagkat tanging ang patotoong ito ang ganap na mapagkakatiwalaan. Ang kakatuwa ay kung ang karanasan ng isang Cristiano ang gagawing saligan ng katiyakan, ang pahayag ni Juan sa v13 patungkol sa *pagkaalam* ay magiging imposible!

Nais ng apostol na *ireapirma* ang katiyakan ng kaniyang mambabasa at ito ay ang kwestiyunin *ang mga anticristo*.

5:14. Tinuro ng Panginoong Jesus sa Kaniyang mga alagad kung gaano kaepektibo ang Kaniyang pangalan sa pagtanggap ng tugon sa panalangin

(Juan 16:23b-24). Ang paglipat ni Juan sa paksa ng panalangin matapos ang kaniyang reperensiya sa nagpapatuloy na pananampalataya "sa pangalan ng Anak ng Diyos" (v13) ay natural, dahil ang *pangalan* ng Anak ang susi sa tinugong panalangin.

Ang gumawa ng isang bagay sa pangalan ng isang tao ay ang umakto ayon sa kaniyang awtoridad (cf Juan 5:43; 10:25). Wala itong kinalaman sa simpleng pagkabit sa ating mga panalangin ng pariralang "sa pangalan ni Jesus". Ang manalangin sa pangalan ni Jesus ay nangangahulugang **humingi ng anomang bagay na ayon sa Kaniyang** (ng Diyos o ni Cristo) **kalooban.** Kung ito ay gagawin, ang mga mananampalataya ay may **pagkakatiwala… dinidinig tayo Niya**. Ang salita sa pagtitiwala (*parrēsia*) ay ginamit din sa 3:21, na patungkol din sa panalangin. Sa ibang bahagi ng epistula, ginamit ito nang makalawang ulit lamang (2:28 at 4:17) parehong may kinalaman sa Hukuman ni Cristo.

Kapag ang Cristiano'y nanalangin, paano niya malalaman ang *kalooban* ng Diyos? May isang paraang hindi maipagkakamali: Ang Kaniyang *kalooban* ay nahahayag sa Kaniyang "mga utos" (cf v3).

5:15. Halimbawa, ang mananampalataya ay humiling sa Diyos ng Kaniyang tulong na ibigin ang kaniyang mga Cristianong kapatid na lalaki at babae. Makaaasa ba siyang pagbibigyan ng Diyos ang ganitong kahilingan? Ang sagot ni Juan ay apirmatibo.

Dahil sa ang utos ni Juan na "ibigin ang isa't isa" (3:11, 23; 4:7, 11-12) ay ekspresyon ng "Kaniyang kalooban" para sa mga Cristiano, kung sila ay hihingi ng tulong sa pagsagawa nito, **nalalaman** nating tayo ay pinakikinggan (cf v14). At kung, anumang bagay ay "ayon sa Kaniyang kalooban" (ie, **anomang ating hingin** sa Kaniyang kalooban), tayo ay *dinirinig*, **nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang** (petisyon) **sa Kaniya'y ating hiningi**. Samakatuwid kung ang kahilingan ay tulong na *gawin* ang kalooban ng Diyos sa pamamagitan ng pag-ibig sa kapwa Cristiano, *nalalaman* ng isang ang kahilingan ay pagbibigyan.

### *C. Ano ang Pwedeng Gawin ng Pananampalataya at Pag-ibig Para sa Ating Mga Kapatid (5:16-17)*

5:16-17. Gaya ng sa ibang bahagi ng epistula ni Juan, ang mga salitang **kaniyang kapatid** ay tumutukoy sa tunay na Cristiano. Kung ang **kapatid** na ito ay **nagkakasala ng kasalanang hindi ikamamatay**, ang pag-ibig Cristiano ay magtutulak sa kaniyang ipanalangin ito.

Ang sitas na ito ay maaaring isaling "hindi *direkta* (o *agarang*) nagreresulta sa kamatayan."

Minsan ang Diyos ay naglalatag ng *kamatayan* bilang agarang tugon sa ilang kasalanan ng mga Cristiano. Ang dalawang malinaw na halimbawa ay si Ananias at Safira (Gawa 5:1-11), at ang mga Cristiano sa Corintong kumain ng Hapunan ng Panginoong hindi nagkumpisal ng kanilang mga kasalanan sa kanilang buhay (1 Cor 11:27-32).

Hinayag ni Juang **may kasalanang ikamamatay** at hindi niya sinasabing dapat ipanalangin ito ng mga Cristiano, **hindi tungkol dito ang sinasabi ko na idalangin niya**. Walang utos na *ipanalangin* ang ganitong *kasalanan*, bagamat walang utos na *huwag* din itong ipanalangin. Samakatuwid, kung ang isang Cristiano ay nagsususpetsang may *kasalanang* direktang *makamamatay*, siya ay malayang manalangin sa nagkakasalang mananampalataya, ngunit walang katiyakan sa kalalabasan ng kaniyang panalangin. Bagamat walang garantiya, posibleng "magbago" ang isipan ng Diyos sa Kaniyang paghatol.

Ano ang maaaring asahan ng isang Cristiano kung siya ay nananalangin sa mga kasong ang kasalanan ay *hindi* direktang *magreresulta* sa kamatayan? **Bibigyan siya ng Dios ng buhay, na ukol sa mga nagkakasala nang hindi** direktang **ikamamatay**. Dahil ang kamatayang pinag-uusapan para sa nagkakasalang kapatid ay hindi eternal (Juan 11:26), walang dahilan upang isiping ang *buhay* ay eternal din. Ngunit, dahil, lahat ng kasalanan ay magreresulta sa *huli* sa pisikal na kamatayan, ang tumalikod sa kasalanan ay nagreresulta sa *paghaba* ng pisikal na *buhay*.

VI. Epilogo: Mga Katiyakang Cristiano (5:18-21)

Tinapos ni Juan ang kaniyang epistula sa serye ng mga pahayag na pinasimulan ng mga salitang "Nalalaman natin." Kapag pinagsama, ang mga pahayag na ito at ang pantapos na ekshortasyon ay bumubuo ng isang uri ng epilogo. Ang katotohanang ang mga pandiwang ang mga paksa ay "natin" ay nagdodomina sa parehong prologo at epilogo ay karagdagang tanda ng balanseng estaylistiko. Ngunit si Juan ay hindi manunulat na puro daldal lamang gaya nang iniisip ng ilan; siya ay manunulat na may napakataas na kalibre.

5:18. Nais ni Juang paalalahanan ang kaniyang mga mambabasa **na ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala**, samakatuwid, ang personang ipinanganak nang muli *sa kaniyang sarili* ay walang kakayahang gumawa ng kahit anong *kasalanan*. Ito ay nagreresulta sa karagdagang obserbasyong **ang ipinanganak ng Dios ay nagiingat sa kaniyang sarili**, at ang resulta ay **hindi siya ginagalaw ng masama**. Ang panloob na tao, ang ipinanganak ng Diyos, ay may panloob na kakayahang labanan ang polusyon ng kasamaan at kung ganuon ay labas sa abot ni Satanas.

Sa pagsasabing ang panloob na tao (cf Roma 7:22) ay *nag-iingat sa kaniyang sarili*, hindi sinasabi ni Juang kaya ng panloob na sarili na pigilan

ang lahat ng kasalanan sa Cristianong pamumuhay (cf 1:5-10). Ang ibig ipakahulugan ni Juan ay ang “binhi ng Diyos ay nananahan” sa ipinanganak nang muling panloob na sarili (cf 3:9) bilang nagkokontrol na elemento ng kaniyang ipinanganak na sarili at ito ay ligtas sa kahit pinakamahinang kontaminasyon ng *masama*. Ang mga kabiguan ng mga mananampalataya ay dahil sa makasalanang “programa” ng kanilang mga katawang panlupa, gaya ng tinuro mismo ni Pablo sa Roma 7:7-25.

Kahit anong gawin niyang pagsubok, hindi *talaga nadudutdot* ang mananampalataya. Ngunit kung ipahihintulot ng isang mananampalataya, gagamitin ni Satanas ang kaniyang mga kabiguan upang dalhin siya sa mas marami pang kabiguan. Kaya pagkatapos ng bawat kasalanan, ang isang mananampalataya ay kailangang bumangon sa pagkukumpisal sa Diyos, na *nalalamang* siya pa rin ang parehong banal na panloob na pagkatao bago siya nagkasala!

5:19. Kung alam ng isang Cristiano ang katotohanang nahayag sa v18, **nalalaman** niya rin kung saan bahagi siya kampi. Ang pagkakilala sa Diyos ay nagmumungkahi ng eksperiyensiyal na kaugnayan sa Kaniya (cf 3:19; 4:4).

Ang **sanlibutan ay nakahilig sa masama** ay salin ng *en tō ponerō keitai* (“nakahiga sa masama”). Ang parirala ay nagmumungkahing *ang sanlibutan* ay pasibong nagpapahinga sa sirkulo ng operasyon ni Satanas. Sa kabilang banda, ang pariralang *ek Theou* (*sa Diyos*) ay nangangahulugang “mula sa” Diyos.

Ang sulat na ito ay sinulat sa mga Cristianong lumalago sa kanilang espirituwal na estado (cf 2:12-14; 4:6), marahil sa mga pinuno ng simbahan. Ang mga pahayag ng pantapos na mga sitas na ito ay aplikable rin sa ibang mga mananampalataya, depende kung gaano tumutugma ang karanasan nila sa karanasan ng mga mambabasang sinulatan.

5:20. Ang ikatlong **nalalaman natin** ay nang dahil sa pagdating ng **Anak** ng Diyos ang mga mananampalataya ay binigyan ng espirituwal na pagkaunawa (**tayo'y binigyan ng pagkaunawa**) na dahil dito posible para sa kanilang makilala ang tunay na Diyos.

Ang salitang *pagkaunawa* (*dianoian*) ay nangangahulugang *intelihensiya*. Ang ideya ay nagbigay ang **Anak ng Diyos** ng espirituwal na *intelihensiya*, o intelekto, na kailangan upang *makilala* ang Diyos.

Ang kaalamang ito ay natatamo sa pamamagitan ng pakikisama at napatutunayan ng pagsunod sa mga utos ng Diyos (cf ang mga komento sa 2:3-4, 12-14). Ang abilidad na makuha ang kaalamang ito, samakatuwid ang kinakailangang *intelihensiya* para rito, ay naging posible dahil sa katotohanang **naparito ang Anak ng Dios**.

Ang pag-ibig Cristiano (pagsunod) ay hindi nawawala kung saan ang Diyos ay tunay na nakikilala (cf ang mga komento sa 4:7-8). Walang tunay na *pagkaunawa* ng pag-ibig, o ng Diyos kung hindi *nagparito ang Anak ng Diyos*

at namatay upang ipahayag ang pag-ibig ng Diyos. Sa Kaniyang kamatayan, *ang Anak ay nagbigay sa atin ng pagkaunawa* (isang *intelihensiya*) na sa pamamagitan nito ay *makikilala natin ang Diyos*. Ang masunuring Cristiano ay taglay ang kinakailangang espirituwal na kapasidad upang makilala ang Diyos.

Ang pahayag na tayo'y **nasa kaniya na totoo** ay nagpapaalala ng katulad na ekspresyon sa 2:5 ("sa ganito nalalaman nating tayo ay nasa Kaniya"), na kinabit ni Juan sa *pananahan* sa Kaniya (2:6). "Ang pananahan" ay deskripsiyon ni Juan ng karanasan ng "pamumuhay bilang alagad" (cf Juan 15:8).

Ngunit upang maging "sa Kaniya," samakatuwid, manahan *sa Kaniya*, ay hindi lamang manahan *sa Kaniyang totoo* (gaya ng paglalarawan ni Juan sa Diyos), kundi ito rin ay pananahan **sa kaniyang Anak na si Jesucristo**. Walang **at** sa pagitan ng mga pariralang *sa Kaniya* at *sa Kaniyang Anak*. Ang manahan sa Diyos at ang manahan kay Cristo ay parehong bagay.

Ang deklarasyong **Ito ang tunay na Dios** ay isa sa pinakadiretsong pahayag ng pagka-Diyos ni *Jesucristong* masusumpungan sa BT at Siya rin ay **ang buhay na walang hanggan**, na bumabalik sa Prologo sa 1:1-4, kung saan ang paksa ng sulat ni Juan ay "*ang buhay na walang hanggan*, na kasama ng Ama at sa atin ay nahayag" (1:2; cf "Ako… ang buhay" Juan 14:6). Ito ay nagpapakitang ang pinal na pahayag ay reperensiya sa *Kaniyang Anak na si Jesucristo*.

Bukod diyan, ang reperensiya sa *buhay na walang hanggan* ay nagtataling magkasama ng prologo at epilogo sa klimaktikong apirmasyong ito. Natupad na ni Juan ang Kaniyang intensiyong "ipahayag" sa kaniyang mga mambabasa ang "buhay na walang hanggang" ito (1:2). Ipinakita niya sa kanila na sa pamamagitan ng "pananahan" **sa Kaniya na totoo** (na pananahan din *sa Kaniyang anak na si Jesucristo*), mararanasan nila ang *buhay na walang hanggan*. Ang *buhay* na ito, na nahayag sa pag-ibig sa kanilang mga kapatid na lalaki at babeng Cristiano, ay bumubukal sa walang kasalanang panloob na sarili (v18). Ito ay tanda na ang kanilang buhay at karanasan ay mula sa Diyos at hindi sa sanlibutan (v19), at nagpapahayag ng espirituwal na *pagkaunawang* ibinigay ng Anak ng Diyos sa kanila (v20a).

5:21. Ang mga heresiyang nilalabanan ni Juan ay nagbabalewala sa pagiging Tagapagligtas ni Jesucristo at nagsusulong ng kompromisiya sa sanlibutan. Ang mga huwad na guro ay mga ahente ni Satanas, na nagsusulong ng iba't ibang anyo ng idolatriya (literal man o metaporikal) na bumubulag sa mga tao sa "tunay na Diyos at ang buhay na walang hanggan."

Ang mga huling salita ng apostol ay dapat na tumaginting sa koridor ng kasaysayan ng tao: **Mga anak ko, mangagingat kayo sa mga diosdiosan. Amen**.

# 2 Juan

## ZANE C. HODGES

### PANIMULA

Gaya ng 1 Juan, ang 2 Juan ay pangunahing patungkol sa mga revisionista, o mga anticristo. Sa unang sulyap, ang 2 Juan ay tila isang personal na sulat, ngunit sa pangkalahatan ito ay tinuturing na sinulat sa isang partikular na simbahang Cristianong binigyang katauhan bilang "hirang na ginang."

### BALANGKAS NG 2 JUAN

I. Pagbati (vv 1-3)

II. Ingatan ang Katotohanan Sa Pamamagitan ng Pagtakwil sa Kamalian (vv 4-11)

III. Pamamaalam (vv 12-13)

### KOMENTARYO

I. Pagbati (vv 1-3)

**Vv 1-2.** Ginamit ni Juan ang titulong **ang Matanda** upang ipakahulugang "isang lalaking matanda." **Ang hirang na ginang at sa kaniyang mga anak** ay maaaring tumutukoy sa simbahan at ang mga miyembro nito.

Ang **iniibig sa katotohanang** binanggit ni Juan ay nangangahulugang iniibig niya sila dahil iniibig nila ang katotohanan. Bukod diyan, ang kaniyang pag-ibig sa kanila ay nararanasan din ng **lahat ng mga nakakakilala ng katotohanan**. Nanampalataya sila *sa katotohanang* si "Jesus ay ang Cristo" at dahil dito ay "ipinanganak ng Diyos" (cf. 1 Juan 5:1).

Ang pahayag ni Juang ang **katotohanan** (Ang rebelasyon ng Diyos sa Kaniyang Anak)…ay **nananahan sa atin** ay naglalarawan ng kanilang korporal na estado.

Ngunit ang *katotohanan* ng Diyos ay **sasa atin** din **magpakailan man**. Ang Cristianismo ay tumagal sa mga siglong lumipas at patuloy na **sasa atin** ngayon, at mananatiling totoo magpakailan man.

**V 3.** Ang mga benepisyo ng **biyaya, awa, at kapayapaan** ay nagmumula **sa Dios Ama at mula kay** Jesus. Ang buong titulo, **ang Panginoong Jesucristo**, at sinusundan ng **Anak ng Ama**, na masusumpungan lamang sa mga sulating Johannine, ay nagsisilbing apirmasyon sa Kaniyang pagka-Panginoon, sa Kaniyang pagka-Mesiyas, at pagka-Diyos (cf. vv 7, 9, 10).

Bukod diyan, ang mga benepisyong ito, ayon kay Juan, ay **sa katotohanan at sa pagibig**. Gaya ni Pablo sa Ef 4:15, *ang katotohanan* ay binigyang prioridad. Ang mga nag-aakalang *ang katotohanan* ay pwedeng bigyan ng mas mababang lugar dahil sa mutuwal na *pag-ibig*, ay hindi taglay ang pananaw ng BT (cf. 1 Juan 3:23; 4:21).

II. Ingatan ang Katotohanan Sa Pamamagitan ng Pagtakwil sa Kamalian (vv 4-11)

*A. Pagsagawa ng Katotohanan Gaya Nang Orihinal na Pagkabigay (vv 4-6)*

**V 4.** Ang layon ni Juan ay gawing disipulo ang mga mananampalataya, na **nagsisilakad sa katotohanan**, samakatuwid, sa **utos** ni Jesucristo, ang utos na ibigin ang ibang mga Cristiano (cf. vv 5-6; Mat 22:37-39).

**V 5.** Namamanhik si Juan sa buong simbahan (**ginang**) na manghawak sa **utos** na **mangagibigan sa isa't isa**, isang utos na **tinanggap nang pasimula**.

**V 6.** Gaya ng 1 Juan 5:2-3, **ang pag-ibig** sa isang kapatid ay maaaring idepina bilang pagsunod sa mga utos ng Diyos. Samakatuwid kapag ang mga mananampalataya ay **mangagsilakad ayon sa Kaniyang mga utos**, iniibig nila ang isa't isa.

Ang nag-iisang **utos** (cf. 1 Juan 3:22-23) ay ibigin ang Diyos. Sapagkat kung ating iniibig ang Diyos, awtomatikong iibigin natin ang mga kapatid (1 Juan 2:4-11; 3:11-15; 4:7-11, 20).

*B. Ingatan ang Iyong Gawa sa Pamamagitan ng Pagtakwil ng Kamalian (vv 7-11)*

**V 7.** Ang mga huwad na propeta o **maraming magdaraya** ay may kaugnayan sa **Anticristo**, at walang dudang kapareho ng mga nasa 1 Juan. Tinanggi nilang si **Jesus** ang **Cristo,** isang pagtangging nagmamarka sa kanila bilang mga anticristo (cf. 1 Juan 2:22).

**V 8.** Ang mga salitang **Mangagingat kayo sa inyong sarili** (*Blepete heautois*) ay maaaring isalin, “Magmatiyagan kayo sa inyong mga sarili.” Ang pagpasok ng huwad na aral sa simbahan ay maaaring makasira sa gawa ng Diyos na ginagawa sa kanilang gitna, na magreresulta upang ang **kagantihan** sa gawang iyan ay mabawasan.

Sa mga salitang **huwag ninyong iwala ang mga bagay na aming pinagpagalan, kundi upang tanggapin,** ang pag-ulit ng salitang *aming* ay salungat sa **Mangagingat kayo sa inyong sarili**. Si Juan ay nagtrabaho para sa Panginoon sa mismong simbahan at lugar kung saan masusumpungan ang mga tumanggap ng sulat. Ang nanganganib, dahil sa panganib ng huwad na aral, ay hindi lamang *ang kanilang* gawa para sa Diyos, kundi ang gawa rin ng *apostol*.

Kung ang huwad na doktrina ay hahayaang pumasok sa isang simbahan, ito ay may potensiyal na pigilan ang paglago ng simbahan o maaari pang mawasak ang simbahan.

Ang alalahanin ni Juan, na hinayag sa termino ng pagkawala ng **isang lubos na kagantihan**, ay nagpapakitang ito, at hindi ang pagkawala ng kaligtasan, ang konsekwensiya ng kabiguang mapanghawakan ang katotohanan.

**V 9.** Kung ang simbahang sinulatan ni Juan ay *hindi* mapagmatiyag gaya ng babala ni Juan, o kung ang isa (o higit pa) sa mga miyembro nito ay bumigay sa bagong teolohiya, sinabi ni Juang ang taong ito ay **sumasalangsang** (*parabainō*, “pumunta sa gilid”) **hindi nananahan** (*menō*, “manatili”) **sa aral ni Cristo**. Siya *ay lumayo* mula sa katotohanan sa halip na *manatili* rito.

Ang taong hindi nananatili sa tunay na aral ni Cristo ay walang Diyos sa kaniyang bagong pananaw o/at pamumuhay. Wala siyang kontak sa Diyos, samantalang ang nananahan sa aral ni Cristo ay may maintimasyang kontak sa Diyos.

**V 10.** Kung ang mga mambabasa ay "mananatili" sa katotohanan tungkol kay Jesucristo, dapat silang maging maingat sa mga naglalakabay na mga gurong **dumating sa** [kanila] **at hindi dala ang aral na ito** (i.e., "nagtuturo"). Hindi nila siya dapat alukin ng ospitalidad o ng pagpapalakas ng loob.

Sa Griyego ang mga panghalip na **inyo** at **ninyo** ay pangmaramihan, na nagpapakitang ang buong kongregasyon ang kinakausap. Walang sinuman sa kongregasyon ang dapat magbigay ng anumang tulong sa mga huwad na guro. Ang mga salitang **huwag ninyong tanggapin sa inyong bahay** ay nangangahulugang huwag silang bigyan ng pagkain o matutulugan. Ang karunungan ng hindi pagtanggap sa mga taong itong "makapasok sa pintuan" ay napatunayang palagian ng mga nag-imbita sa mga representante ng mga kultong pumasok at makipagkwentuhan. Mas madali silang papasukin kaysa palabasin! Sinabihan ni Juan ang mga miyembro ng simbahang huwag **batiin** ang ganitong mga tao. Ang dahilan ay hinayag sa susunod na sitas.

**V 11.** Ang admonisyong ito ay tila marahas. Bakit ang simpleng "kumusta" ay nangangahulugan ng pakikilahok sa **masasamang gawa** ng mga huwad na guro? Ang salitang Griyego para sa **bumabati** (*chairein*) ay nangangahulugang "magalak." Maaari itong ikumpara sa "swertehin ka" o "magandang araw." Hindi dapat sabihin ng isang mananampalataya ang "Magkaroon ka ng magandang araw" sa taong alam niyang kalaban ng katotohanan. Ang sabihin ito sa nagdadala ng huwad na mensahe ay partisipasyon, gaano man karahan, *sa kaniyang masasamang gawa*. Sa panahong mapagparaya, ang mga mananampalataya ay dapat matuto ng sukat ng *banal na panghuhusga!*

III. Pamamaalam (vv 12-13)

**V 12.** Ang dalawang huling sitas ng 2 Juan ay "pamamaalam" mula sa may-akdang malinaw na kilala ang mga tumanggap. Siya ay **maraming mga bagay** na **isusulat** sa kanila, ngunit nagdesisyong ingatan ito para sa isang pagbisita sa hinaharap. Hindi direkta ngunit malaki ang sinasabi nito tungkol sa kahalagahan ng mga bagay na binanggit sa sulat, dahil pinili niyang *huwag maghintay* na bumisita bago ito ipahayag sa kanila. Napakahalaga nito at kailangang maisulat agad.

**V 13.** Kung ang 2 Juan ay isang personal na sulat sa isang partikular na babae, maaaring itaas ang tanong kung bakit ang mga anak lamang ng

kaniyang kapatid na babae ang nagpadala ng pagbati. (Ang salita para sa **bumabati** ay pangkaraniwan at iba sa vv 10-11.) Oo, maraming posibleng sagot sa tanong na ito: nasa malayo ang kapatid na babae; ang kapatid na babae ay hindi Cristiano; atbp. Ngunit hindi ito natural, lalo pa at ang **hirang na kapatid na babae** o "hirang na ginang" (v 1) ay parehong hindi binigyan ng personal na pangalan. Ito ay salungat sa 3 Juan kung saan tatlong personal na pangalan ang nabanggit sa napakaikling epistula, samantalang sa 2 Juan kahit ang "mga ginang" o sinuman sa kanilang "mga anak" ay walang pinangalanan.

Sa kabilang banda, kung ang "hirang na ginang at kaniyang mga anak" ng v 1 ay simbahan at mga miyembro nito, **ang mga anak ng iyong hirang na kapatid na babae** ay tumutukoy sa mga miyembro ng simbahang sinulatan ni Juan. Ang may dala ng epistula ay kilala ang pagkakakilanlan ng simbahang ito kaya makikilala ng mga mambabasa na si Juan ay nagpapadala ng mga pagbati ng kapatid na simbahan.

# 3 Juan

## ZANE C. HODGES

### PANIMULA

Ang 3 Juan ay isang personal na sulat. Walang pahiwatig ng problemang doktrinal sa epistulang ito, at si Diotrefes ay tila walang iba kundi ang pinakaunang kilalang diktador sa simbahan sa kasaysayang Cristiano. Ngunit ang epistulang ito ay lalong higit na mahalaga dahil sa kakaiba nitong tugon sa problemang maraming beses na nauulit sa kasaysayang Cristiano.

### BALANGKAS NG 3 JUAN

I. Pagbati (v 1)

II. Pagtataguyod ng Katotohanan sa Pagsuporta ng mga Kinatawan Nito (vv 2-12)

III. Pamamaalam (vv 13-14)

KOMENTARYO

I. Pagbati (v 1)

**V 1.** Gaya ng 2 Juan ang apostol ay sumulat sa titulo ng **Ang Matanda**. Ang tumanggap ay isang lalaking nagngangalang **Gayo** kung saan pinahayagan ni Juan ng Cristianong pag-ibig, **na minamahal**. Iniibig siya ng apostol **sa katotohanan**, samakatuwid, "totoo" at ayon sa Cristianong **katotohanan** (cf. 2 Juan 1).

Ilang lalaki ang may taglay na pangalang *Gayo* sa BT, ngunit walang pahiwatig na ang *Gayo* ng 3 Juan ay alin man sa mga ito.

II. Pagtataguyod ng Katotohanan sa Pagsuporta ng mga Kinatawan Nito (vv 2-12)

Ang sulat ay umaapela kay Gayo na gawin ang ayaw gawin ni Diotrefes, samakatuwid, ang suportahan ang katotohanan sa pagsuporta ng kinatawan nito na si Demetrio.

*A. Komendasyon sa Paglakad ni Gayo sa Katotohanan (vv 2-4)*

**V 2.** Ang salitang **guminhawa** (*euodousthai*) ay katumbas ng ekspresyong Ingles "mapabuti ang kalagayan" at hindi kailangang mangahulugang materyal na prosperidad. Nais ng apostol na mapabuti ang mga bagay para kay Gayo **at bumuti ang** kaniyang **katawan**. Dahil sa tinuturing niya ang **kaluluwa** ni Gayong maginhawa (**guminhawa**), nagpahayag siya ng pag-asang ang kalagayang temporal ni Gayo ay katulad ng kaniyang kalagayang espirituwal.

**V 3.** Binalita ni Juang nakatanggap siya ng impormasyon mula sa ilang Cristianong **kapatid** na si Gayo ay patuloy na kumikilos nang ayon **sa katotohanan**, samakatuwid, sa nilalaman ng Cristianong kapahayagang ginawa sa pamamagitan ng Anak ng Diyos.

**V 4.** Natutuwa si Juan sa mga balita ng pangunyapit ni Gayo sa katotohanan. Ang **paglakad sa katotohanan** ay nangangahulugang namuhay si Gayo nang may kompormidad o ayon sa katotohanan.

*B. Pagpuri sa Suporta ni Gayo sa Mga Nagpapahayag ng Katotohanan (vv 5-10)*

**Vv 5-6. Ang mga kapatid** na tinukoy ay mga Cristianong misyonaryo (naglilibot na mga evangelista). Si Gayo ay hinikayat na patuloy na alalayan sila gaya nang malinaw niyang ginawa sa nakalipas.

Ang pariralang **mga kapatid at sa mga taga ibang lupa** ay hindi nangangahulugang mga Cristiano at hindi Cristiano, dahil ang pahayag na **nangagpapatotoo… sa harapan ng iglesia** ay tila tumutukoy sa parehong kategoriya. Subalit minsan, ang terminong *kapatid* o *mga kapatid* ay tila ginagamit sa espisipikong grupo ng mga taong kilala sa mga Cristianong sinulatan (cf. 1 Cor 16:12; 2 Cor 9:3, 5; 12:18). *Ang mga kapatid* ay maaaring tumutukoy sa mga naglalakbay na evangelistang kilala pareho ni Juan at ni Gayo, samantalang *ang mga taga ibang lupa* ay tumutukoy sa mga evangelista mula sa ibang lugar at hindi kilala ni Gayo.

Si Gayo ay isang bukas-palad na lalaki pagdating sa mga naglalakbay sa paglilingkod ng evangelio. Ito ay isang gawa ng katapatan sa Panginoon at sa Kaniyang katotohanan. Ang mga salitang **gagawan ng magaling** ay maaaring isaling, "gumawa ka ng tapat na bagay." Ang punto ni Juan ay **anumang gagawan** (gagawin) **ni** Gayo (*ergasei*, "gawin, magawa") **para** sa mga lingkod na ito ni Cristo ay isang gawa ng katapatan sa Diyos.

**V 7.** Maaaring ang mga ito ay tumungo sa misyon nang hindi humingi ng anumang tulong mula sa mga **Gentil**. Gaya nang pahiwatig ng mga salitang **walang kinuhang anoman**, ang mga mangangaral na ito ng BT ay tumangging tumanggap ng anumang tulong mula sa kanila.

Ang mga salitang **dahil sa Pangalan** ay maaaring isaling "alang-alang sa Pangalan." (Walang salita sa Griyego para sa *Kaniya* at mas preperabale ang pantukoy sa pangalan ng Panginoon; i.e., *ang Pangalan* ng kataastaasan.) Ang implikasyon nito ay ang humingi ng materyal na tulong mula sa mga hindi ligtas ay hindi karapatdapat *ng Pangalan*.

**V 8.** Ang salitang **tanggaping** (*apolambanein*) ay nangangahulugang "i-welcome" (e.g., pag-welcome o pagtanggap ng bisita sa tahanan [cf. Lukas 15:27]). Kapag ang mga Cristiano ay nag-alok ng ospitalidad sa mga lingkod na ito ng Panginoon, sila ay naging **kasama sa paggawa** (*synergoi*, "kamanggagawa") **sa** (o, kasama ng) **katotohanang** pinahayag ng mga ito. Sa madaling salita, sila ay naging *ka-partner* ng pinangaral na salita!

**V 9.** Maaaring magtaka si Gayo kung bakit ang pakiusap na ito ay binigay sa kaniya sa halip na sa **iglesiang** kaniyang kinaaniban. Ang salita rito ni Juan ay nagpapahiwatig na ang prosesong ito ay kakaiba at nais niyang ipaliwanag ito kay Gayo.

Hinayag ni Juang siya *ay* sumulat **sa iglesia**. May posibilidad na ang 2 Juan *ay* ang tinutukoy na sulat dito, ngunit ito ay isa lamang posibilidad.

Ang problema sa iglesia ni Gayo ay ang presensiya ng isang dominanteng pinunong nagngangalang **Diotrefes**, **na nagiibig magkaroon ng kataasan**

**sa kanila**. Ang akusasyong ito ay hindi nangangahulugang si Diotrefes ay nanghahawak sa isang kamaliang doktrinal. Hindi rin ito nangangahulugang hindi siya Cristiano. Sa halip si Diotrefes ay may kasalanan ng pag-agaw ng posisyun sa simbahang para lamang kay Jesus.

Ang salitang **kami** ay maaaring tumutukoy sa mga miyembro ng sirkulo ni Juan ng mga apostol (cf. comments on 1 Juan 2:19). Dahil dito hindi umaasa si Juang si Demetrio (v 12) ay tatanggapin din ni Diotrefes. Ito ang dahilan kung bakit si Juan ay sumulat kay Gayo, sa halip na sa iglesia, at nanghihingi ng ospitalidad.

**V 10.** Tiniyak ni Juan kay Gayo na **kung** siya ay **pumariyan** sa iglesia ni Gayo, **ipaaalaala** niya ang mga gawang ginagawa ni Diotrefes. Tiwala si Juang mailalagay niya ang lalaking ito sa kaniyang tamang kalalagyan kung siya ay personal na pumunta sa iglesia.

Sa terminong **ang mga gawang kaniyang ginagawa**, walang dudang nasa isipan ng apostol ang pagtanggi ni Diotrefes na kilalanin ang sinumang emisaryong dumating sa kaniya mula sa mga apostol. Ang mga pagtangging ito ay may kasamang p**agsasalita ng masasamang salita laban sa amin** (ang mga apostol). Ang pandiwang *nagsasalita* (*phlyareō*) ay masusumpungan lamang dito sa BT (bagamat may kaugnayan sa *phlyareō* na masusumpungan sa 1 Tim 5:13 sa diwang "tsismis" o "pagkakalat kwento"). Ito ay nagpapahiwatig ng walang saysay o mangmang na pananalita.

Samantalang dapat sana ay mahiya si Diotrefes sa ganitong mga *pananalitang* kaniyang pinanghamak sa mga apostol, sa katotohanan ay dinagdagan niya **pa ganito** (lit., "sa mga bagay na ito," i.e., sa mga salitang kaniyang sinalita) ng karagdagang kasalanan ng pagtakwil sa mga naglalakbay na mangangaral at paghadlang sa ibang (**silang mga ibig tumanggap**) gawin ito.

*C. Ekshortasyong Ipagpatuloy ang mga Suportang Ito Kay Demetrio (vv 11-12)*

**V 11. Huwag** dapat **tularan** ni Gayo **ang masama**. Kung oo, masasabi patungkol sa kaniyang **hindi nakakita sa Dios**! Sa kabilang dako, kung gagawin niya ang tama, masasabing siya ay **sa Dios**.

Para masabing *sa Diyos* ay nagsasabing ang mga kilos ng taong pinag-uusapan ay nagmumula sa Diyos (cf. 1 Juan 3:10b). Ang kasalanan, sa kabilang banda, ay laging ginagawa sa espirituwal na kamangmangan at kadiliman. Ang makasalanan ay laging kumikilos sa kasalanan dahil nawala sa kaniyang paningin ang Diyos (cf. 1 Juan 3:6).

Ginamit sa mga pariralang **ang gumagawa ng mabuti** (*ho agathopoiōn*) at **ang gumagawa ng masama** (*ho kakopoiōn*) ang articular present participle, ngunit ang mga ekspresyong ito ay walang ibang pahiwatig malibang may gawang ginawa. Ang mga participles na ito ay maaaring magpahayag ng mga aksiyong minsan lamang nangyari (e.g., Juan 6:33, *ho katabainōn*, "yaong bumababang mula sa langit") o mga aksiyong hindi na nangyayari (e.g., John 9:8, *ho kathēmenos kai prosaitōn*, "ito ang nauupo at nagpapalimos"). Ang pangungusap ay nananatiling totoo gawin mang minsan o madalas ang mabuti o masama.

Kung ganuon sinasabihan si Gayong kung *gagawa siya nang mabuti* sa pamamagitan ng pagtanggap kay Demetrio (v 12), sa paggawa nito ay ginagawa niya ang kalooban *ng Diyos*. Samakatuwid, siya ay kumikilos sa paraang ang *Diyos* ang pinagmumulan ng kaniyang ginawa. Sa kabilang banda kung *gagayahin* niya si Diotrefes at *gumawa nang masama*, siya ay kumikilos mula sa espirituwal na pagkabulag at walang persepsiyon ng Diyos.

**V 12. Si Demetrio ay pinatototohanan ng lahat** na nakakakilala sa kaniya. Higit pa diyan, *si Demetrio* ay tumanggap ng "patotoo" **ng katotohanan**. (i.e., *si Demetrio* ay nagproklama *ng katotohanan*). Sa paggawa nito ipinakita niya ang kaniyang "ortodoksiya" at ginawa nito siyang karapatdapat na tumanggap ng suporta sa mula sa ibang mga Cristiano sa kaniyang mga paglalakbay (cf. 2 Juan 10). Samakatuwid *ang katotohanan* ay nagpatotoo *sa kaniya* habang pinoproklama niya ito.

May ikatlong "saksi" kay *Demetrio*: ang mga salita ni Juan. Ang **kami man ay nagpapatotoo rin** ay malinaw na tumutukoy sa mga apostol, na ang kanilang "patotoo" ay hindi handang tanggapin ni Diotrefes. Tiwala si Juan na si Gayo, hindi kagaya ni Diotrefes, ay tatanggapin ang patotoong ito, at may dagdag, **at nalalaman mo na ang aming patotoo ay tunay**.

III. Pamamaalam (vv 13-14)

**Vv 13-14.** Maraming nais sabihin ang apostol kay Gayo, ngunit nais niyang personal itong gawin. Sa unahan ginamit niya ang mga salitang "kung pumariyan ako" (v 10), at ngayon nagpahayag siya ng pag-asang mangyayari ito sa panahong **madali**. Walang pag-aalinlangang mauunang dumating si Demetrio kay Gayo kaysa kay Juan, kaya ang sulat na ito ng rekomendasyon ay kailangang upang masiguro ang ospitalidad ni Gayo kay Demetrio.